

**Proyekto para suportahan ang mga kasulatan
sa “Koleksiyon ng mga karanasan kaugnay sa
pagbomba ng Atomic Bomb”**

**Hiroshima National Peace Memorial Hall
bilang ala-ala sa mga naging biktima ng Atomic Bomb**

Mga karanasan kaugnay sa pagbomba ng Atomic Bomb

Pamagat	May-akda	Edad sa panahon ng pagbomba	Pahina
Dahil sa pagbomba ng Atomic Bomb, nawalay sa akin ang dalawa kong anak na babae	Makie Fujii	22	1
Muntik na akong mamatay	Jiro Shimasaki	14	7
Ang mga dinanas ko sa pagbomba ng Atomic Bomb	Tsunematsu Tanaka	31	15
Damdamin para sa aking ina	Hiroko Kawaguchi	8	23
Isang pangyayari sa summer na nais kong limutin, ngunit hindi ko magawang kalimutan	Chiyoko Shimotake	24	31
Masuwerte ka talaga	Toshio Miyachi	27	39
Pagnanasa para sa Kapayapaan ng Susunod na Henerasyon	Tokio Maedoi	12	47
Mga Sugat ng Digmaang Kailan Ma'y Di-nagagaling	Kyoko Fujie	9	53
Nakita ko ang Impiyerno	Kimiko Kuwabara	17	61

**Dahil sa pagbomba ng Atomic Bomb,
nawalay sa akin ang dalawa
kong anak na babae**

Makie Fujii

● **Sitwasyon bago naganap ang pagbomba ng Atomic Bomb**

Ang pamilya ko ay nakatira noon sa tabing-ilog na may 100 metro mula sa tulay ng Yokogawa sa bahaging silangan, sa bandang 1-chome ng Yokogawa-cho. Sa panahong ito, apat kami sa pamilya: ako at ang aking asawa na si Kiyoshi, ang aming tatlong taong-gulang na panganay na babae na si Kazuko at bunsong babae na si Kiyomi na may anim na buwan.

Bago ibinagsak ang Atomic Bomb, may isang pangyayari na natatandaan ko ng husto. Sa panahong iyon, tuwing makakarinig kami ng pagtunog ng sirena, agad akong tumatakbo patungo sa isang hukay sa ilalim ng lupa, kasama ng aking dalawang anak. May ilang araw din na paulit-ulit na nangyari ito.

● **Pinsala mula sa pagbomba ng Atomic Bomb**

Sa umaga ng Agosto 6, nakakuha ng day-off sa trabaho ang aking asawa at nasa bahay ito dahil nakatanggap siya ng military draft order. Dahil nakansela ang red alert, kasama ko ang aking mga anak sa paglalaro ng habulan sa itaas na bahagi ng bahay.

Mula sa bintana, bigla na lang may pumasok na nagbabagang bola ng apoy. Dahil dito ay nabuwal kami ng aking mga anak, na para bang hinigop ng lupa.

“Nanay nandito ako, nandito ako!”, ang sigaw ng panganay kong anak sa bandang paanan ko. “Kazuko, antayin mo at kukunin kita diyan”, ang sagot ko naman sa kanya pero hindi ko magawang ikilos ang anumang parte ng katawan ko pati leeg ko dahil nakaipit ang aking buong katawan sa pagitan ng mga pader at iba pang bagay na nasa loob ng bahay.

Ilang sandali ang lumipas at narinig ko ang boses ng aking asawa na sinisigaw ang pangalan ko sa itaas. “Makieeee, nasaan ka? Makieeee...,” habang palakad-lakad ito sa paghahanap sa aming mag-ina. Pagkatapos ay naramdaman ko ang matinding init. “Papalapit na ang apoy, kahit anong paghahanap ang gawin ko ay hindi ko pa rin malaman kung nasaan kayo. Wala ng pag-asa sa sitwasyong ito at baka hindi ko na kayang hanapin pa kayo”, ang sigaw ng asawa ko na tila nawalan ng lakas mula sa itaas.

“Nandito ako, nandito ako.” Subalit kahit anumang sigaw ko ay hindi pa rin makumpirma ng aking asawa ang kinaroroonan ko. Nakalugmok ako sa ilalim ng mga nabuwal na bagay at hawak ko ang aming bunsong anak na babae habang narinig kong sinabi ng aking asawa na wala ng pag-asa, kung kaya’t niyakap ko ng mahigpit ang aking anak. Sa paghagip ko sa kanya hindi ko napansing natakpan ko pala ang ilong at bibig ng anak ko, kaya tuloy nahirapan itong huminga at napasigaw sa paggalaw. Nagulat ako sa sigaw niya at tuloy napasigaw rin ako,

“Nag-aagaw-buhay na ang anak ko!” Siguro narinig ng asawa ko ang mga sigaw ko at tila bumalik ito. Patuloy siya sa paghahanap sa amin habang sumisigaw. “Nasaan kayo?! Nasaan kayo?!” Nakuha niyang gumawa ng maliit na butas at nailabas niya ako pati ang aming anak na babae. Hindi ako makatayo ng matagal dahil medyo nahihilo pa ako sanhi ng pagkauntog ng aking ulo. Sa paligid ay papalapit na ang mga nagbabagang apoy.

Matapos makatakas, napansin kong wala sa tabi namin ang aming panganay na anak na babae at tinanong ko ang asawa ko kung nasaan ito. Ang sagot niya ay, “Wala akong magagawa. Hindi na siya gumagalaw. Patawad”.

“Kazuko-chan, patawarin mo ako. Patawarin mo kami”, ang tanging nasa isipan ko habang patuloy kami sa paglalakad.

Hawak ng asawa ko sa isang bisig ang aming bunsong anak na babae habang akay niya ako sa kabilang bisig patungo sa kaligtasan. Pilit niyang pinapalakas ang loob ko habang sinasabing, “Kailangang maging matatag ka. Konting tiis pa. Kaya mo ito”. Hirap na hirap na ako sa pagsunod sa asawa ko. Kahit saan ay may mga apoy at naisip ko na siguro nalugmok na ng apoy ang bahay namin.

Sa magkabilang bisig ng aking asawa ay suportado kaming mag-ina kaya napapadalas ang pahinga niya dahil sa pagod sa paglalakad. Habang tumatakas kami, may isang babaeng gusot-gusot ang buhok ang humingi ng saklolo habang nakakapit sa paa ng aking asawa at nakiusap na, “Tulungan ninyo kami. Nakalugmok ang aking anak na babae sa ilalim ng haligi. Tulungan ninyo siyang makaahon.” Subalit tinanggihan ng aking asawa ang pakiusap ng babae at sinabing “Gusto ko sana kayong tulungan. Pero nasa malubhang kondisyon ang aking asawa at anak, kaya patawad po.” Mabilis na umalis ng papalayo ang babae. Patuloy ang paglalakad namin habang humihinto ng madalas para magpahinga, hanggang inabot kami ng gabi bago makarating sa tahanan ng kakilala ng aking asawa sa Shinjo.

● Bahay sa Shinjo

Lumagi kami ng tatlong araw sa tahanan ng aming kakilala sa Shinjo. Dahil sa matinding pagkabigla dulot ng pagbomba ng Atomic Bomb, hindi ko magawang pasusuhin ang aming sanggol. Lumabas ang aking asawa para humanap ng gatas dahil kailangan kong humiga sanhi ng pinsalang natamo ko sa aking mga paa.

Hindi ko maiwasang isipin na baka sakaling nailigtas namin ang aming panganay na babae sa pagkakalugmok nito sa ilalim ng gumuhong bahay. Hindi ko mapigilan ang pag-iyak at galit sa sarili dahil sa halip na iligtas siya ay ako ang nakatakas at naiwanan siyang sumisigaw ng saklolo.

Habang nasa bahay ng kakilala namin sa Shinjo, nakita ko ang maraming taong nakalinya na may mga paso sa katawan na tila nahihirapan sa paglakad. Hindi ko mapigilang maiyak sa nakita kong paghihirap kaya sinikap ko na lang na isara ang aking mga mata para hindi ko sila makita.

• **Sa bahay ng aking mga magulang sa Yamaguchi**

Tatlong araw pagkalipas ng pagbomba ng Atomic Bomb, naibalik sa serbisyo ang tren. Kasama ng aking asawa at bunsong anak na babae, sumakay kami ng tren na puno ng pasahero mula sa Yokogawa Station patungo sa Kogushi sa Yamaguchi Prefecture, kung saan naroroon ang bahay ng aking mga magulang. Sa wakas ay nakarating kami sa Kogushi at lumakad patungo sa bahay ng aking mga magulang. Habang naglalakad patungo sa bahay, napuna ng mga taong-bayan ang aming nakakaawang ayos at sinabing, “Ano kaya ang nangyari? Ano kaya ang nangyari?” Maliit lamang ang bayang ito at kilala kami ng mga tao dito. Hindi ako makapagsalita at dinaanan ko sila ng may luha sa aking mukha hanggang makarating kami sa bahay ng aking mga magulang.

Sa gabing iyon pati sa sumunod na mga gabi, nahirapan akong makatulog dahil binagabag ako ng aking konsensiya, sa kakaisip na nakaligtas ako habang naiwan ang panganay naming anak na babae. Ang pagkabalisa kong ito ay napansin ng aking ina at nakakatandang kapatid na babae kaya naisipan nilang samahan akong matulog sa magkabilang tabi dahil natatakot sila na baka magpakamatay ako. Araw-araw sa kailaliman ng gabi, tahimik akong lumalabas ng bahay at napapaiyak, habang sinasabing, “Patawarin mo ako, patawarin mo ako. Patawarin mo ang makasariling magulang na ito.” Habang nasa Yamaguchi ako, bumalik ang aking asawa sa Hiroshima para hanapin ang natitirang abo ng aming panganay na babae.

Dahil walang lumalabas na gatas mula sa aking suso para ipainom sa aming sanggol, nilibot ng aking ina ang aming mga kabitbahay para humingi ng gatas mula sa ibang ina na nagpapasuso ng kani-kanilang sanggol. Ang sabi ng nanay ko, “Hindi mo kayang bumangon dahil napilay ang iyong paa. Bukod pa rito, may inaalagaan ka pang sanggol. Kaya kailangang magpahinga ka ng husto bago umuwi sa bahay ninyo.” Halos isang taon kaming lumagi sa bahay ng aking mga magulang. Hindi na gumaling ng husto ang pilay sa aking paa hanggang sa kasalukuyan.

• **Pagkamatay ng aming bunsong anak na babae**

Pagkatapos ng halos isang taong paglagi sa Yamaguchi, bumalik kami sa Hiroshima. Inupahan namin ang isang bahay na malapit sa lumang bahay namin sa

Yokogawa.

Sabi ng asawa ko na isang araw ay dinala niya ang aming bunsong anak na babae sa isang pampublikong paliguan. Napansin ng isang tao ang kalagayan ng aming anak at sinabi nito sa asawa ko na, “Parang namamaga ng konti ang likod ng inyong anak”. Dinala namin siya sa isang ospital sa pag-aakalang nabundol niya ang likod noong panahon ng pagbomba. Ayon sa resulta ng pagsusuri, nagkaroon ng nana ang apat na buto sa spinal column niya. Nakiusap kami sa aking mga magulang na alagaan ang bunso namin sa kanilang bahay sa Yamaguchi. Pagkalipas ng ilang taon ay nalungkot ang bata kaya dinala namin siya sa Hiroshima at ipinasok sa ospital. Dahil hindi namin kayang bayaran ang singil para sa pagpapatingin sa doktor, nakiusap ako sa aking ina na bayaran muna ito. Hanggang sa naubos ang lahat ng pera namin at wala man lang kaming maiabot sa aking mga magulang, kaya naisipan naming dalhin ang bata sa aming bahay sa Hiroshima. Bagama’t ginawa namin ang lahat ng aming makakaya, pumanaw ang aming anak noong 1952.

• **Pangarap para sa kapayapaan**

Ayokong magkaroon uli ng digmaan. Pangarap ko na magkaroon ng isang mundo na kung saan magkahawak-kamay ang lahat. Siguro mas magiging maligaya ang lahat kung magagawa nating bigyan ng konsiderasyon ang kapakanan ng ibang tao sa ating araw-araw na pamumuhay.

Muntik na akong mamatay

Jiro Shimasaki

● Agosto 6

Noong panahong iyon, mahigit sa isang oras ang biyahe ko patungo sa Hiroshima Machinery Works ng Mitsubishi Heavy Industries sa Minami-Kanonmachi. Sumasakay ako ng tren sa Saijo at lumilipat sa tramway para tuparin ang aking tungkulin bilang mag-aaral na inatasang tumulong sa industriya ng bansa. Ikaapat ako sa limang magkakapatid na lalaki at babae: isang kapatid na lalaki, dalawang nakakatandang kapatid na babae, ako at ang aking nakakabatang kapatid na babae. Ang kapatid kong lalaki ay nasa Kyushu upang gampanan ang kanyang tungkulin sa military.

Noong ako ay nasa ikalawang taon ng pag-aaral sa Hiroshima Prefectural Hiroshima Second Middle School, nakansela ang lahat ng klase at inatasan akong tumulong sa iba't-ibang pabrika. Mula sa katapusan ng taong 1944, nag-umpisa akong mamasukan sa pabrika ng Mitsubishi Kanon.

Noong Agosto 6, naranasan ko ang pagbomba ng Atomic Bomb kasama ng ilang kaibigan habang naglalakbay kami patungo sa pabrika. Sa palagay ko ay malapit ito sa general sports ground ng Minami-Kanonmachi, na humigit-kumulang ay 4 kilometro mula sa binagsakan ng bomba o ground zero. Kung sakaling sumakay ako sa sumunod na tren, baka namatay na ako dahil sa direktang epekto ng Atomic Bomb. Talagang muntik na akong mamatay.

Sa mga sandaling isinagawa ang paghulog ng Atomic Bomb, napansin ko ang matinding sinag ng ilaw mula sa aking likuran. Natatandaan ko pa kung paano uminit ang aking leeg. Pagkatapos ng matinding pagsabok, nabuwal ako sa lupa at nawalan ng malay. Pagkalipas ng limang minuto, binuksan ko ang aking mga mata. Pinagmasdan ko ang aking paligid at napansin ko na halos walang natira sa pabrika kundi ang mga suportang bakal dahil tinangay ang bubong nito, kahit may distansiya na 4 kilometro mula sa binagsakan ng bomba.

Ano ba ang nangyari? Hindi kaya binomba ng eroplanong B-29 ang pabrika na kung saan ako inatasang magtrabaho. Pero hindi, kumpara sa pagbomba ng B-29, parang tunog ito ng pagsabok ng tangke ng gas sa Minami-machi. Iba't-iba ang opinyon ng aking mga kaklase. Sigurado ko na ikinansela ang yellow alert. Sa bandang 8:15 ng umaga, walang sinuman ang nakahanda. Bago mag 8:00 ng umaga, ipinalabas ang isang red alert. Pagkatapos ay pinalitan ito at ginawang yellow alert at tuluyang kinansela sa bandang 8:05 ng umaga. Sigurado kong may narinig akong sirena bilang pagkansela sa babala o alert.

Pagkatapos nito, may pinalabas na kautusan: “Nasusunog ang buong siyudad. Ang lahat ng nandito sa araw na ito ay kailangang umuwi sa inyong mga tahahan.” Kaya

naglakbay kami patungong silangan sa ilalim ng ulan na kulay itim. Sa aking paglalakad ay dinaanan ko ang Eba, Yoshijima at Senda, bago tumawid sa tulay ng Miyuki sa direksiyon ng Hijiya. Sa pagtawid ko sa tulay, marami ang humatak sa aking paa para humingi ng tubig habang sumisigaw ng “Pahingi ng tubig, pahingi ng tubig!” Pero akala ko ay nasugatan lamang sila dahil hindi ko naman alam ang tunay na dahilan ng kanilang pagkasugat at pagkapaso. Natakot ako dahil bigla na lang akong hinatak at sinabihang “Hoy ikaw, bigyan mo ako ng tubig, pahingi ng tubig. Nasugatan ako at nauuhaw...” Masuwerte ako dahil hindi naman ako dumanas ng pinsala mula sa pagbomba ng Atomic Bomb. Kaya wala akong magawa kundi ipagpatuloy ang aking paglalakad habang nakatulala at naguguluhan sa kakatingin sa dami ng mga taong nasugatan.

Noong naglalakad ko sa bungad o paanan ng bundok ng Hijiya, natatandaan ko na may nakita akong katawan ng isang sundalo na pulang-pula. Ang balat niya ay natanggal na at nakalawit ito mula sa kanyang katawan. Humihinga pa siya subalit matindi ang pagkasira ng kanyang anyo. Bumaling ang tingin niya sa akin, itinuro ang daliri sa direksiyon ng isang bangkay at sinabing, “Kailangan kong isakay ito sa kariton. Pakihawakan mo nga ang paa nito?” Natakot ako ng husto at hindi ko magawa ang pakiusap niya. Sa bandang bungad ng bundok ng Hijiya, maraming tao ang hindi gaanong nasugatan dahil malayo ito sa pook na binagsakan ng bomba at karamihan sa kanila ay tumutulong sa sundalo para dalhin ang bangkay ng mga namatay. Siguro ay namatay din ang sundalong ito pagkalipas ng ilang araw.

Hindi ko masyadong alam kung anong oras, pero bandang hatinggabi na noong makarating ako sa estasyon ng Kaita. Ayon sa impormasyon, may tren patungo sa Saijo na aalis sa Kaita sa hatinggabi, kaya mahigit sa isang oras akong naghintay bago ako nakasakay. Dumating kami sa Saijo, parang sardinas ang sikip sa loob ng tren at hindi ko makilala ang mukha ng mga taong sumundo sa estasyon. Dahil may kautusang nagbabawal sa pagsindi ng ilaw, hindi ko makumpirma kung sino ang sumundo sa akin, kaya sinikap kong pakinggan na lang ang mga boses sa paligid at may nagsalita ng, “Nahirapan ka siguro ng husto. Nabalitaan ko na nakakatakot talaga ang nangyari.”

● **Sitwasyon sa ikapito at pagkatapos nito**

Ayon sa impormasyon, nagtatrabaho sa bundok ng Hijiya ang aking tiyuhin noong ibinagsak ang Atomic Bomb. Kaya sinamahan ko ang aking tiyuhin patungo sa Hiroshima upang hanapin ang aking tiyuhin doon. Bagama’t hindi ko masyadong sigurado kung sumakay kami sa isang truck patungo sa siyudad o kung paano kami

nakarating doon, lumuwas kami sa madaling araw ng ikapito habang umaasa sa balitang nakasilong sa isang gusali sa Ujina ang aking tiyuhin. Dahil nakapag-aral ako noon ng tatlong taon sa Hiroshima Second Middle School, nakabisado ko na ang pasikot-sikot sa siyudad. Kaya sinamahan ko ang aking tiyahin para maging gabay niya.

Natagpuan namin ang tiyuhin ko sa isang silungan o shelter sa Ujina. Natatandaan ko na ang shelter na ito ay isang bodega na malapit sa piyer. Sa kalapit na pasilyo, nilalapag ng ilang sundalo sa isang linya ang mga bangkay at sinabing, “Kamamatay lang ng isang ito. Kailangang ilipat ang bangkay niya sa pasilyo”. Sinabi naman ng isang sundalo sa akin, “Patay na ang taong ito. Pakihawakan mo nga ang ulo niya”. Sobra ang takot ko para tumulong. Ang mga namatay ay inilipat sa pasilyo ng ilang grupo ng tao. Kahit ang bangkay ng isang babaeng hubad na siguro ay nasa 20 taong gulang ay inilapag na lang sa sahig dahil umitim na sa pagkakasunog ang katawan nito.

Bagama’t naiwi namin ang aking tiyuhin sa Saijo mula sa Ujina, namatay siya sa ikasampu, tatlong araw matapos umuwi ng bahay. Ang bangkay niya ay sinunog sa isang crematory na malapit sa aming bahay at nandoon ako para tumulong. Noong nakaraang dalawang taon ay namatay ang aking tiyahin. Sinabi niya sa akin noon na siyam na taon lang silang kasal ng aking tiyuhin.

● **Buhay pagkatapos ng pagbomba**

Siguro ay nasa katapusan iyon ng Oktubre o di kaya’y sa Nobyembre kung kailan naibalik sa dati ang mga klase sa Hiroshima Second Middle School. Natatandaan ko na nagtayo kami ng kubo sa dating lugar na tinatayuan ng Hiroshima Second Middle School sa Kanon at patuloy kaming pumasok sa klase na nanginginig sa ginaw sa loob ng silid aralan na walang heater habang umuulan ng yelo. Ang gusaling ito ay walang bintana. Bago naibalik ang pasukan sa Kanon, isinagawa ang mga klase sa gusali na nakalaan para sa mga kababaihan o Girl's School sa Kaita o sa gusali ng elementary school na hindi gaanong nasira.

Dahil nais kong ipagpatuloy ang aking pag-aaral patungo sa mataas na baitang, kailangang pumasok ako sa klase para makuha ang nararapat na credits. Kaya tiniis ko ang lamig at nagpasalamat na lang na kahit papaano ay naidadaos pa rin ang klase kahit nasa loob kami ng isang kubo. Ang middle school na ito ay nasa lumang sistema. Nagtapos ako sa taong 1947, noong nasa ika-limang taon ako sa paaralan. Pagkatapos ng middle school, pumasok ako sa Hiroshima Industrial College sa Senda-machi.

Sa pagtapos ko sa Hiroshima Industrial College sa pagitan ng 1955 at 1964, kung kailan dumarami na ang mga kotse o sasakyan sa mundo, naisipan kong magtayo ng isang driving school. Sa tulong ng mga kakilala sa driving course, dinampot namin ang pala at inumpisahan namin ang pagtatayo nito. Sa pamamagitan ng nakuha kong credits sa Hiroshima Industrial College, nakamit ko ang certification bilang isang tagapagturo ng basic knowledge at practical skills. Mula sa taong 1960, namasukan ako sa isang driving school sa siyudad bilang Chief Instructor.

Sa taong 1966, tumigil ako sa trabaho ko sa driving school. Dahil nakiusap sa akin ang kapatid kong lalaki na tulungan siya sa pangangasiwa ng nursing home at iba pa, nagpasiya akong tulungan siya sa kanyang kalakal. Ipinagmamalaki ko ang aking kapatid na lalaki na nagsilbi din bilang persidente ng medical association. Mula noon ay nagtulungan kami sa pangangasiwa ng kalakal, subalit biglang namatay ang kapatid kong ito sanhi ng hemorrhage sa utak. Hindi ako makatulog ng tatlong araw dahil sa sobrang lungkot at pagkadismaya. Gawain niya ang bumisita sa mga pasilidad sa Miyajima at Yuki. Sa paglalakbay niya sa malayong lugar, ako ang naging tsuper niya samantalang ginagampanan niya ang tungkulin bilang director o tagapangasiwa ng ospital. Pakiramdam ko ay dapat suportahan ko siya, kahit sa pagiging personal na tsuper niya. Ibinuhos niya ang kanyang buhay sa pag-aaral samantalang ang hilig ko naman ay sa sports. Nagkaisa kaming dalawa patungo sa iisang layunin. Ang pagpanaw niya ay nagdulot ng malaking kalungkutan para sa akin.

● **Trabaho, pag-aasawa at ang naging epekto ng pagbomba**

Papalapit na ang aming golden wedding anniversary bilang mag-asawa. Noong ikinasal kami, iniwasan kong sabihin sa magiging asawa ko na biktima ako ng pagbomba ng Atomic Bomb. Alam ko kasing iba ang tingin ng mga tao kapag nalamang biktima ako ng pagbomba, kaya sinabi ko sa kanya noon na, “Naranasan ko rin ang pagbomba pero limang kilometro ang layo ko sa pinaghulugan ng bomba sa dulo ng Minami-kanon, kung saan namamamsukan ako sa Mitsubishi. Kaya walang anuman iyon at hindi naman ako napinsala nito”. Mukhang hindi naman gaanong inintindi ng asawa ko kung biktima ako o hindi. Alam ng aking anak na lalaki, na may malawak na kaalaman bilang isang parmasyutika, na siya ay isang second-generation na biktima ng Atomic Bomb. Noong ipinanganak ang aming anak na lalaki at babae, medyo nag-alala ako sa magiging kalagayan nila. Palihim kong siniguro na wala silang diperensiya o abnormalidad.

Sa tingin ko, epekto ng ginawang pagbomba ang pamamaga sa likod na aking leeg

pagkalipas ng sampung taon mula ng ihulog ang Atomic Bomb. Hindi naman ito kumakalat o malignant, pero medyo may kalakihan ang pamamaga nito na tila ba isang bagong nilalang. Nagsimula itong lumabas sa bahaging tinamaan ng sinag mula sa pagsabog ng bomba. Isinagawa ang operasyon para tanggalin ang pamamagang ito ngunit bumalik uli pagkatapos ng sampung taon. Pagkatapos nito ay wala namang iba pang pamamaga ang lumabas. Isa pang epekto ng pagbomba ay ang mabilis na pagkabulok ng aking mga ngipin kumpara sa ibang tao. Ang ibang biktima naman ay nakakaranas din ng pagkalagas ng buhok. Ang epekto nito ay iba para sa bawat tao. Hindi naman nalagas ang buhok ko. Ang karaniwang nararamdaman ng mga biktima ay ang panghihina o pagkapagod ng katawan. Kaya tuloy sa aking trabaho ay naghihinala ang aking boss na baka tinatamad akong magtrabaho dahil madali akong mapagod kumpara sa iba na may parehong gawain. Ang sabi niya, “Hindi naman napapagod ang ibang tao sa ganitong mga gawain. Napapagod ka dahil tamad ka lang”. Sa trabaho, mahirap talaga kapag ganitong madaling mapagod ang katawan mo.

● **Pangarap para sa kapayapaan**

Sa pagpapahayag sa kahulugan ng pagbomba ng Atomic Bomb at kapayapaan sa bagong salinlahi, sa tingin ko ay kailangan ng konting galing o talino sa pananalita. Noong ibinagsak ang Atomic Bomb, sa isang kisap-mata ay gumuho ang mga gusali at biglaan ang pagkamatay ng mga tao. Kaya sa pagpapahayag ng pangyayaring ito, kailangang gamitan ito ng galing sa pananalita upang paipaabot ang mensahe nito. Hindi sapat na sabihin ng paulit-ulit na, “Nakakatakot talaga” o di kaya’y ipaliwanag na, “Sayang at hindi ko nagawang bigyan ng tubig ang mga taong nangangailangan nito. Kailangan kong tumakas mula sa paparating na apoy sa ilalim ng tulay”. Hindi nito naipapahayag ng husto ang mga pangyayari. Ang kalupitang dulot ng pagbomba ay hindi naipapadama sa pagsabi ng, “Mayroon kaming isang Peace Memorial Museum sa Hiroshima Peace Memorial Park. Inaanyayahan namin kayong bumisita dito. Mayroon po tayong punong-kahoy na nagsisilbing simbolo ng kapayapaan”. Sa ganitong paraan ng pagpapahayag, hindi naipaparating sa isipan ng tao ang mahalagang mensahe mula sa pagbomba ng Atomic Bomb. Dinaanang isang buhawi ang Hokkaido noong nakaraang araw at marami ang namatay. Sa isang video ay makikita ang pagwasak na iniwanan ng buhawi, katulad ng pinsalang nagawa pagkatapos bumagsak ang Atomic Bomb. Napakalakas at totoong-totoo ang pangyayaring ito. Kahit batang musmos ay makakaintindi sa tunay na anyo ng kapahamakang ito. Bukod pa rito, biglang gumuho, sumabog at nagliyab ang mga

gusali. Mahigit sa 200,000 katao ang namatay sa isang kisap-mata. Ang mga video na kuha sa mga kapahamakang tunay na naganap ay nakakapagpahayag ng husto sa tunay na anyo ng pagbomba ng Atomic Bomb.

Pagkatapos ng pagbomba, may mga professional na potograpo mula sa pahayagang Mainichi Shimbun at Asahi Shimbun ang pumunta sa Hiroshima upang kunan ng larawan ang mga napinsalang lugar. Kahit may karanasan ang mga ito sa pagpunta sa mga lugar na may digmaan, walang digmaan o trahediya ang makakapantay sa pinsalang natamo ng Hiroshima mula sa paghulog ng Atomic Bomb. Ano ba ang susi para maipahayag ng husto ang nangyaring trahediya? Sa tingin ko ay mahalagang magkaroon ng galing o talino sa pagpapahayag nito.

Nag-aaral ako noon sa Hiroshima Second Middle School at maraming mag-aaral sa mas mababang baitang ang pumanaw sa pagbomba. Ang ilang kaklase kong nakaligtas sa pagbomba ay pumanaw na kailanlang. Nakakalungkot para sa akin ang pagkamatay ng nag-iisa kong kapatid na lalaki. Sa kasalukuyan, ako ay may kapansanan at inaalagaan ng aking asawa. Sana ay mabuhay pa ako ng dalawang taon. Masaya na ako kung sakaling mabigyan ng pagkakataong maibahagi sa mga bagong salinlahi pati mga maliliit na bata at mag-aaral sa elementary school, ang aking mga karanasan kahit isang beses sa loob ng isang linggo o dalawang linggo. Sa ganitong paraan ay maari kong lisanin ang mundong ito ng walang pagsisisi o panghihinayang.

**Ang mga dinanas ko
sa pagbomba ng Atomic Bomb**

Tsunematsu Tanaka

● Ang pamumuhay noon

31 taong-gulang ako noon, nagtatrabaho sa Chugoku Haiden Corp. (kasalukuyang Chugoku Electric Power Co.) sa Komachi at umuupa ng bahay sa Otemachi kasama ng aking asawang si Mikie at ang aming dalawang anak (tatlong taong-gulang na lalaki at babae na nasa ikapitong buwan). Siguro ay nasa 20 o 21 taong-gulang ako noon, dahil nakapasok ako sa Chugoku Haiden pagkatapos magtapos sa Onomichi Middle School at makuha ang aking lisensiya sa pagmamaneho noong Pebrero 1934. Noong namamasukan ako sa Chugoku Haiden, dalawang beses akong pinatawag para magsilbi sa bansa, mula Septiyembre 1937 hanggang Enero 1941 at muling naglingkod mula Septiyembre 1942 hanggang Nobyembre 1943. Habang namamasukan bilang manggagawa ay nagawa ko rin na gampanan ang aking tungkulin sa bansa.

Pagkatapos ng matinding pagbomba sa Kure sa may katapusan ng Marso 1945, marami akong nakitang eroplanong pandigma na galing sa aircraft carrier na lumilipad na parang pulutong ng tutubi. May mga underground air-raid shelter, na ginawa siguro ng mga residenteng naunang tumira sa pook na ito. Tuwing magkakaroon ng pagbomba, tumatakbo ako patungo sa shelter. Napakahirap ang sitwasyong ito para sa maliliit na bata tulad ng aming mga anak na tatlong taong-gulang at ang isa naman ay nasa ikapitong buwan. Habang tinitingnan ang isang bata ay papalabas naman ang isa sa shelter. Nagpasiya ako na hindi na namin kaya ang ganitong kalagayan. Kaya sa katapusan ng Marso, isinama ko ang aking asawa at dalawang anak sa bahay ng aking mga biyenan sa Mukaeda, sa nayon ng Wada, lalawigan ng Futami (kasalukuyang Mukoueta-machi, siyudad ng Miyoshi). Dahil nasa digmaan kami noon, iniwanan ko sa bodega ng kompanya ang lahat ng aming mga gamit sa bahay at itinakas ko ang aking pamilya ng walang dalang mga gamit o ari-arian.

Pagkatapos kong maitakas ang aking pamilya, tumira muna ako ng pansamantala sa bodega ng kompanya. Sa umpisa ng Mayo, pagkatapos kong bumalik mula sa paglagi sa tahanan ng aking mga biyenan noong nakaraang Sabado at Linggo, natuklasan ko na nasunog lahat ang aming mga gamit sa bahay sanhi ng ginawang pagbomba sa bodega. Dahil wala akong damit na puwedeng ipalit sa suot ko, bumalik agad ako sa nayon ng Wada upang magpagawa ng baro at pantalon sa aking asawa mula sa summer kimono at pagkatapos ay sumakay ako sa unang tren patungo sa trabaho noong Lunes na iyon. Dahil nawalan ako ng pansamantalang lugar na matitirahan, umupa ako ng kuwarto sa isang bahay sa Ushita-machi sa tulong ng isang kasama sa trabaho at lumagi ako doon hanggang sa pagbomba ng Atomic

Bomb.

● **Pinsala mula sa pagbomba ng Atomic Bomb**

Noong mga araw na iyon, kapag nagpalabas ng red alert sa gabi, sa utos ng tanggapan ng munisipiyo ay ginagampanan ko ang aking tungkulin bilang isang “night watch” o bantay habang suot ang aking damit pantrabaho. Ito ay tinatawag na “pagtawag sa guwardiya.” Ang tungkuling ito ay ibinibigay sa mga beterano. Sa gabi ng Agosto 5, nagpalabas ng isang red alert kaya pumunta ako sa lugar na itinakda para sa akin sa Yanagibashi upang isagawa ang aking tungkulin bilang bantay sa gabi. Karaniwan, ang umpisa ng trabaho pagkatapos ng araw na isinagawa ang pagbantay ay medyo nahuhuli, mula 8:00 hanggang 8:30 ng umaga, subalit sa araw na iyon ay hindi ako nakatanggap ng impormasyon kung mahuhuli ba ito o hindi. Kaya pumasok ako sa kompanya sa 8:00 ng umaga noong ika-anim, ang araw matapos isagawa ang bantay sa gabi, at ito ang dahilan kung bakit ako nakaligtas sa kapahamakan.

Dahil may 30 minutos pa bago mag-umpisa ang aking trabaho, pumunta ako sa basement para gamitin ang banyo na nakalaan para sa mga manggagawa at inumpisahan kong labhan ang damit pantrabaho na ginamit ko noong nakaraang gabi. Habang nakayuko ako sa paglalaba, bigla na lang akong napatalsik patungo sa likuran sanhi ng pagsabog sa harapan ko. Tumama ako sa isang pader at nawalan ng malay-tao. Wala akong matandaan sa nangyari kundi ang matinding kislap. Noong matauhan ako, napansin kong madilim at masyadong maalikabok ang paligid. Subalit noong makita ko ang apoy mula sa ikaapat o ikalimang palapag, tila luminaw ang aking isipan sa kakaisip ng paraan para makatulong ako sa sitwasyong ito. Halos wala akong makita sa harapan, kaya nangapa na lang ako sa kadiliman habang iniisip ang anumang bagay na natatandaan ko sa lugar na ito. Minsan ay nabubunggo ako sa pagsulong, sa pag-aakalang may hagdanan sa aking harapan, hanggang sa marating ko ang tanggapan ng security guard sa unang palapag ng gusali. Mula rito ay nakikita ko na ang daanan ng tren. Pagdating ko sa daanan ng tren, nakita ko ang isang tren na nakatumba sa ibabaw ng isang bahay at dito ko nalaman kung gaano kalubha ang sitwasyon. Walang sinuman ang makapagsabi sa akin kung saan maaring tumakas.

Bagama’t itinakda na isang shelter o silungan ang kalawakan ng Hiroshima Prefectural Hiroshima First Middle School na nasa bandang timog mula kompanyang pinapasukan ko, hindi ipinaalam sa akin ang bagay na ito. Naglakad ako patungong hilaga sa may daanan ng tren, lumiko sa kanan bago dumating sa Shirakamisha Shrine at pagkatapos ay nagpatuloy patungo sa silangang bahagi sa kalye ng Takeya-cho. Habang tumatakas ako mula sa kapahamakang nagaganap, nakita ko ang

isang babae (hindi ko alam ang edad) sa Hiroshima Prefectural Hiroshima First Women's High School, na naipit sa ilalim ng bakod na nabuwal sanhi ng pagsabog ng bomba. Umiiyak siya at napansin kong nakabaon ang katawan niya mula sa leeg. Subalit, wala ako sa kondisyon para tumulong dahil duguan din ako at may mga piraso ng salaming nakatarak sa aking likod, na punong-puno na ng dugo.

Pagkatapos ay naglakad ako patungong timog, sa may ilog ng Takeya at mula doon ay nagpatuloy ako patungo sa tulay ng Miyuki. Bagama't ang tawag dito ay ilog ng Takeya, sa katunayan ay mukhang isang bambang lang ito na dumadaloy sa ilalim ng Fukuya at ni hindi ito makikita sa anumang mapa ng Hiroshima. Habang papalayo ako sa panganib, wala naman akong makitang ibang taong tumatakas kundi mga taong nasa isang bahay sa kabilang panig ng ilog ng Takeya na abala sa pag-aalis ng mga bagay na nagkalat sa paligid habang sinasabing, "Napakaseryoso ng pangyayaring ito." Hindi ko alam kung anong oras noon pero siguro may katagalan din ang lumipas mula noong tumakas ako.

Bago ako tumawid sa tulay ng Miyuki, may dumaan na truck ng military. Nakiusap ako sa nagmamaneho nito na isakay ako hanggang sa piyer ng Ujina, kung saan sumakay ako sa isang bapor patungo sa pook na masisilungan sa isla ng Ninoshima. Sa islang ito, napakahirap ang kalagayan at maraming taong sugatan ang tumakas dito para humanap ng masisilungan. Bagama't may mga manggagamot sa pook na ito, hindi ko mapagamot ng maayos ang aking mga sugat at may mga piraso ng salamin na nanatiling nakatarak sa aking likod. Simpleng panggagamot lamang, tulad ng paglagay ng benda sa mga sugat, ang maaring ipagkaloob dito. Hindi rin ako makatulog sa ingay ng mga taong nasa paligid. May mga taong tila nababaliw, mga sumisigaw at mga taong nagrereklamo sa ingay ng mga ito, may mga tumatakbo sa kalaliman ng gabi kung kailan natutulog ang karamihan at mga taong nagagalit sa ingay nila. Hindi ako kumain sa ika-anim. Sa umaga ng ikapito, nakatanggap ako ng lugaw na isinalin sa aking lalagyan na gawa sa tubo ng kawayan. Kinain ko ang lugaw kasabay ng isang piraso ng umeboshi o pickled plum. Ito lamang ang pagkain namin sa isla ng Ninoshima.

Dahil sa hirap ng buhay na dinaranas namin sa islang ito at pangagamba na baka mamatay ako sa patuloy na paglagi dito, pinakiusapan ko ang isang sundalo na payagan akong umuwi. Sumakay ako sa isang bapor pabalik sa piyer ng Ujina sa umaga ng ikapito. Mapalad ako dahil nakasalubong ko ang isang truck at tinanong ko ang nagmamaneho nito kung saan siya patungo. Papunta daw siya sa City Hall, kaya nakiusap akong makisakay. "Sige, sakay na!" Pumayag agad siya at ibinaba ako sa harapan ng gusali. Pagkatapos bumaba ay nagpasalamat ako sa kanya. Dahil nasa

bandang hilaga mula City Hall ang kompanyang pinapasukan ko, naispan kong lakarin na lang ito. Pagdating ko sa kompanya, may dalawang kawani sa reception desk. Sinabi ko sa kanila, “Gusto kong sumilong sa tahanan ng aking mga biyenan sa Miyoshi,” at pagkatapos ay ibinigay ko sa kanila ang address. Lumakad ako patungo sa dormitoryo sa Ushita-machi sa pamamagitan ng Kamiya-cho at Hacchobori. Lumagi ako ng magdamag sa pook na ito at sa ikawalo ay sumakay ako ng tren mula sa estasyon ng Hesaka patungo sa nayon ng Wada, kung saan nakasilong ang aking asawa at mga anak. Nagmadali ako patungo sa bahay ng aking biyenan, habang iniisip na baka nag-aalala na ito sa akin. Hindi ko masyadong matandaan kung ano ang nangyari patungo sa lugar na iyon dahil nakatuon ang isipan ko sa dami ng mga bangkay na nakasalansan sa tulay ng Kohei.

● **Sitwasyon pagkatapos ng pagbomba ng Atomic Bomb**

Pagdating ko sa nayon ng Wada, nabaling ang aking pansin sa mga piraso ng salamin na nanatiling nakatarak sa likod ko. Araw-araw ay pumupunta kami ng aking asawa sa ilog at tinutulungan niya akong hugasan ang sugat ko sa likod. Namuo ang dugo sa parteng ito na parang karbon na kumapit sa aking likod. Habang tinatangal ng asawa ko ang namuong dugo sa pamamagitan ng karayom, may mga bubog ng salamin na kasamang natanggal. Palagay ko ay may isang linggo o sampunng araw ang ginugol niya sa pagtanggap ng namuong dugo at mga bubog ng salamin sa aking likod. Sa bandang 1950 at unang bahagi ng 1960, salungat sa aking pag-aakalang gumaling na ito ng husto, nagkaroon ng nana sa bahaging apektado sanhi ng mga natirang bubog ng salamin sa loob nito. Pumunta ako sa isang ospital sa Sakai-machi na maaring magsagawa ng operasyon upang ipatangal ito.

Pagkalipas ng maikling panahon matapos akong dumating sa nayon ng Wada, bago isinagawa ang operasyon para tanggalin ang natitirang bubog ng salamin sa aking likod, binisita ako ng aking ama mula sa Onomichi. Dahil nawalan ako ng komunikasyon sa aking mga kamag-anak sa Onomichi mula ng ibagsak ang bomba, inakala ng aking ama na kasama ako sa mga namatay kaya pumunta ito sa nayon ng Wada para pagpasiyahan kung saang panig ng pamilya ang dapat mag-asikaso ng aking libing. Subalit laking gulat at saya nito noong malaman na buhay pa ako. Pagkatapos uminom ng coarse tea habang nakaupo sa bukas na beranda, bumalik agad siya sa Onomichi.

Sa paglagi ko sa nayon ng Wada, wala naman akong napansin na abnormalidad sa loob ng aking katawan at tila maayos naman ang aking kalagayan. Pagkatapos ng tatlong linggong pagpapahinga, bumalik ako sa Hiroshima sa may katapusan ng

Agosto o umpisa ng Septiyembre para bumalik sa trabaho.

Pagkalipas ng maikling panahon pagkatapos kong bumalik sa trabaho, napansin kong may halong dugo ang aking tae. Siguro ay nasa kalagitnaan iyon ng Septiyembre dahil natatandaan kong nag-umpisang malaglag ang mga kastanias. Pumunta ako sa bahay ng aking mga magulang sa Onomichi upang magpagaling. Base sa aking kondisyon, akala ng lahat pati ang aking doktor, na nagkaroon ako ng disenterya. Kaya nagkaroon sila ng konsultasyon upang pagpasiyahan kung dapat akong ihiwalay sa iba. Subalit tumigil ang aking pagdurugo pagkatapos kong kumain ng kanin na may halong kastanias, na niluto ng aking kapatid na babae para sa akin. Parang himala ang nangyari pero naniniwala ako na nakatulong ng husto ang pagkaing gawa ng aking kapatid sa aking karamdaman. Habang nasa Onomichi, gumaling na ang lagay ng aking tiyan pagkatapos ng ilang araw ng pagpapahinga at balanseng pagkain. Kaya, bumalik uli ako sa Hiroshima at sa aking trabaho.

● **Buhay pagkatapos ng digmaan**

Pagkatapos kong bumalik sa trabaho, nalaman ko na maraming manggagawa ang nawalan ng sariling tirahan. Nakasama ko silang tumira sa ikalimang palapag ng gusali ng kompanya. Sa umpisa ay kailangang magluto kami ng sariling pagkain, pero di nagtagal ay kumuha ng mga kusinero ang kompanya para maghanda ng aming pagkain.

Dahil nakakapagmaneho ako ng sasakyan, inatasan akong magmaneho ng truck para sa Material Section ng General Affairs' Department. Naghahatid ako ng mga materyales sa bawat power plant sa Hiroshima Prefecture.

Noong 1946, bumalik ang aking pamilya sa Hiroshima upang makasama ko sa pagtira. Ipinagpatayo kami ng bahay ng aking mga kasama sa trabaho sa Enomachi na gawa sa haliging kinulekta nila pagkatapos ng trabaho. Magmula noon ay tumira kami ng 30 taon sa Enomachi.

Bagama't maraming paghihirap ang aming dinaranas, hindi kami nawawalan ng pagkain dahil nakakakuha kami ng bigas sa aking biyenang. Subalit wala kaming damit at mga kagamitan sa kama dahil naiwan ko ang mga ito sa bodega ng kompanyang pinapasukan at kasama ito sa mga nasunog. Kaya nag-umpisa kami ng walang-wala at umasa lamang sa kabutihan ng ibang tao; paggawa ng sariling panloob mula sa summer kimono at pagtanggap ng mga kagamitan sa kama mula sa aking mga magulang na nakatira sa Onomichi.

● **Kalusugan**

Noong Hulyo 1947, ipinanganak ang aming pangalawang anak na babae. Nag-alala uli ako na baka magkaroon ito ng abnormalidad dahil sa masamang epekto ng pagbomba ng Atomic Bomb. Tuwing magkakaroon siya ng pagdurugo sa ilong o di kaya'y may karamdamang kakaiba sa ibang kabataang kaedad niya na nasa Kindergarten, agad kong pinaghihinalaan na ito ay may kaugnayan sa pagbomba ng Atomic Bomb.

Noong 1956, natuklasan ko na mayroon akong Tuberculoma, na isang uri ng tumor kung saan napag-alaman na bumaba ang aking average white cell count sa 2,000 (bumaba hanggang 1,000 bilang pinakamababang sukat). Bumaba ang aking timbang ng 8 kg mula sa dati kong bigat na 65 kg. Sa pagitan ng 15 buwan, mula Hulyo 1956 hanggang Septiyembre 1957, lumagi ako sa ospital sa Hara, Hatsukaichi-machi (kasalukuyang Siyudad ng Hatsukaichi) at hindi ako nakapagtrabaho ng dalawang taon. Sa umaga ng Hulyo 7, sa araw ng aking pagpasok sa ospital na natapat sa araw ng Tanabata o Star Festival, kinausap ako ng aking anak na babae na nasa ikalawang baitang habang kumakain kami ng almusal. "Sa araw na ito ay magpupulong ang mga bituin, pero kailangang maghiwalay tayo, di ba?" Napaiyak kaming lahat sa sinabi niya.

Mula noon ay maayos naman ang aking pangangatawan at hindi nagkaroon ng anumang malalang sakit, hanggang sa nakaraang sampung taon o higit pa kung saan nagkaroon uli ako ng pagdurugo sa oras ng pagdumi. Kapag lumalabas ang ganitong sintomas, lumalagi ako sa Red Cross Hospital hanggang sa tumigil ang pagdurugo o di kaya'y maturukan ng medisina para tumigil ito.

Noong nakaraang apat na taon kung kailan isinagawa ang aking operasyon para sa prostate cancer, natanggap ko ang isang certificate o pagpapatunay kung saan kinikilala ako bilang isang biktima ng pagbomba ng Atomic Bomb.

● **Mga palaisipan sa kasalukuyan**

94 taong-gulang na ako ngayon at nagpapasalamat lang ako dahil nabigyan ako ng pagkakataong mabuhay ng ganito katagal. Dahil sa aking asawa ay nandito ako. Napakabait din ng aking mga anak sa akin. Nagpapasalamat ako sa lahat para sa mga kabutihang ipinagkaloob nila sa akin.

Damdamin para sa aking ina

Hiroko Kawaguchi

● **Sitwasyon bago mag Agosto 6 at sa araw na ito**

Sa panahong iyon, apat kami sa pamilya namin – ako, ang aking ina, ang nakakatanda kong kapatid na lalaki at babae. Nakatira kami noon sa isang bahay na nasa Kamitenma-cho. Ang aking ama na si Toshio Omoya, ay namatay sa digmaan sa Tsina noong 1938. Dahil maliit pa lang ako noong mamatay ang aking ama, natatandaan ko lang ang kanyang mukha sa mga larawan niya. Ayon sa aking pamilya, noong bata pa ako ay sinasabi ko daw tuwing makikita ko ang larawan ng aking ama na, “Kaya ayaw lumabas ni tatay mula sa larawan kasi walang nag-aabot sa kanya ng bakya niya”

Kaming lahat ay mag-isang pinalaki ng aking inang si Shizuko. Kumpara sa ibang mga magulang, napakaseryoso ng aking ina pagdating sa edukasyon. Kahit nasa digmaan kami sa panahong iyon, nagawa pa rin niyang pag-aralin ako ng calligraphy at ballet. Noong kumuha ng entrance examination ang aking kapatid na lalaki para sa middle school, may 100 beses na binisita ng aming ina ang isang templo bawat umaga upang ipagdasal na sana pumasa ang aking kapatid. Mula ng pumanaw ang kanyang asawa, para bang iniisip niya na ang edukasyon ang tanging bagay na maibibigay niya sa kanyang mga anak.

Dahil dito, araw-araw ay nagsumikap ng husto ang aking ina mula umaga hanggang gabi sa ilang trabahong ginagawa niya. Natatandaan ko noong tinutulungan siya ng nakakatanda kong kapatid na lalaki at babae sa paghahatid ng diyaryong pang-umaga. Kahit maliit pa ako noon, sinikap kong makahabol sa kanila sa paglalakad.

Noong panahong iyon, nakaugalian ng mga taong-bayan na ituring na sariling kamag-anak ang kanilang kapitbahay. Kaya habang abala sa trabaho ang ina ko bawat araw, inasikaso at inalagaan kami ng mga taong nasa paligid. Ang pamilya ng aking tiyuhin ay nakatira sa lugar namin at ang pamilya naman ng aking lolo ay nakatira sa kalapit na bayan ng Hirose-motomachi.

Sa panahong ito, itinataguyod ng karamihan sa mga primary schools ang group evacuation pati pagsilong sa mga bahay ng mga kamag-anak ng mga mag-aaral sa lalawigan. Nasa ikatlong baitang ako noon sa Tenma Primary School at sumali ako sa isang group evacuation patungo sa templo na nasa Yuki-cho, kasama ng aking nakakatandang kapatid na babae na si Sumie, na nasa ikaanim na baitang sa paaralang pinapasukan ko. Bagama’t binibisita kami ng aking ina at nakakatandang kapatid na lalaki na si Toshiyuki at dinadalhan kami ng mga pasalubong tulad ng patatas, napakahirap para sa akin at sa aking kapatid na babae na pawang musmos pa,

ang mamuhay ng hiwalay sa magulang. Dahil sabi ng aking ina na kung sakaling mamatay man kami ay dapat sabay-sabay kaming mag-ina. Sinabi ko sa kanya na gusto kong bumalik sa aming bahay, kaya umuwi ako sa aming tahanan sa Kamitenma-cho. Habang ginugunita ko ang mga pangyayari, naisip ko na malamang ay nakaligtas kaming lahat kung sakaling nanatili ako sa evacuation site, dahil kahit papaano ay bibisitahin naman ako ng aking ina at kapatid na lalaki doon.

• Sitwasyon noong Agosto 6

Dahil wala kaming pasok sa paaralan noong ikaanim ng Agosto, lumabas ako ng bahay kasama ng aking mga kaibigan para mamasyal sa aming lugar.

Noong makita ko ang mga eroplanong B-29 na lumilipad sa itaas kasabay ng usok mula sa makina nito na gumuhit ng linya sa himpapawid, agad kong tinakpan ng dalawa kong kamay ang aking mga mata at tainga. Ganito kasi ang itinuturo sa mga pagsasanay na ipinapagawa sa amin noon kaya parang nakasanayan na naming gawin ito. Kaya hindi ko nakita ang matinding silaw dahil tinakpan ko ang aking mga mata.

Sa panahon ng pagbomba, masuwerte ako dahil nasa ilalim ako ng ambi ng isang bahay kaya hindi ako nasugatan at hindi ko rin naramdaman ang init dahil nasa likod ako ng pader. Bahagya lamang ang natamong sugat ng aking kaibigan, kaya gumapang kaming palabas sa pamamagitan ng isang bitak sa bahay at pagkatapos ay umuwi agad kami.

Pagdating ko sa bahay, nakita kong naghihintay sa akin ang aking ina na nasugatan sa pagbomba. Sa araw na iyon, lumabas ang ina ko upang tumanggap ng bigas na ipinamimigay bilang rasyon at sa pag-uwi niya ay naabutan siya ng pagbomba. Pag-uwi ko sa bahay, dinampot agad niya ang isang first-aid bag at isinama niya akong tumakas.

Habang tumatakas kami, nakita ko ang mga bahay na gumuho at mga haligi ng tulay na nagliliyab sa apoy. Tinawid namin ang tulay patungo sa Koi. May nakasalubong kaming taong umitim na ang katawan sa pagkakasunog. “Pahingi ng tubig, parang awa na ninyo, bigyan ninyo ako ng tubig!”, ang sigaw niya. Subalit wala kaming magawa para sa kanya dahil nagmamadali kaming tumakas. Nanghihinayang ako dahil hindi man lang namin inalam ang pangalan niya.

Hanggang sa makarating kami sa Koi Primary School, hindi ko napansing nakapaa pala ako. Sa aming pagtakas sa pagitan ng mga nasirang bahay, hindi ko alam kung paano ako nakaligtas ng walang sugat.

Ang lahat ng sulok sa paaralan ay puno ng mga taong sugatan, pati ang mga silid-aralan at pasilyo. Ipinagamot ko ang aking ina doon. Matindi ang pagkasunog

ng kanyang mga kamay, paa at likod. Bahagya lamang ang pagkasunog sa mukha niya pero may malaking lubak sa kanyang ulo. Sa ganitong kalagayan, may konting gamot na maaring ipahid sa mga sugat niya. Subalit habang ginugunita ko ang sitwasyong ito, hindi ko sigurado kung talagang nabigyan ng nabanggit na gamot ang aking ina.

Pagkatapos nito, sinama ko ang aking ina patungo sa silungan o shelter na itinakda para sa bayan, na nasa Ogawachi-machi. Pagdating namin sa shelter, bumagsak ang ulan na kulay itim mula sa kalangitan. Sumilong kami sa isang piraso ng yero na napulot ko sa paligid. Pagtila ng ulan, dumating ang nakakatanda kong kapatid na lalaki na si Toshiyuki.

Sa panahon ng pagbomba, ang kapatid kong lalaki ay nasa pangalawang baitang sa Matsumoto Industrial School at inatasan itong magsilbi sa isang pabrika na nasa isla ng Kanawajima, sa may baybayin ng Ujina. Ayon sa kapatid kong ito, naranasan niya mismo ang pagbomba kasama ng kanyang mga kaibigan malapit sa tulay ng Miyuki habang naglalakad sila patungo sa lugar na kung saan inatasan silang magsilbi. Dahil sa pag-aalala sa kalagayan ng aming pamilya, bumalik siya patungo sa bahay namin sa halip na magpatuloy sa pook na dapat puntahan. Sa pook na malapit sa kinaroroonan ng punong tanggapan ng Hiroshima Electric Railway, nasusunog ang magkabilang panig ng daan kaya hindi ito madaanan. Sa halip ay tumuloy siya patungo sa Shudo Middle School, tumawid sa ilog ng Motoyasu at Ota sa pamamagitan ng bangka. Pagkatapos ay tumawid siya sa isang tulay hanggang sa makarating sa Kanon-machi. Habang pauwi siya ay may taong humingi ng tulong sa ilalim ng gumuhong gusali ng Kindergarten, subalit hindi niya magawang tulungan ito. Nagmamadali siya upang siguruhin na nasa ligtas na kalagayan ang sariling pamilya. Nakakalungkot daw isipin ang pangyayaring iyon.

Pagdating niya sa bahay, halos abutin na ng apoy ang aming tahanan. Kinuwento niya sa akin kung paano niya pinatay agad ang apoy sa pamamagitan ng timba ng tubig. Pagkatapos siguruhing walang ibang tao sa bahay, pumunta siya sa Ogawachi-machi para hanapin kami. Sa Ogawachi-machi ay muli kaming nagkasama-sama.

Ayon sa aking ina, sa umaga ng ika-anim, sinabi ng aking nakakatandang kapatid na babae na ayaw na nitong pumasok sa paaralan. Subalit ayaw payagan ng aking ina na huminto siya sa pag-aaral dahil inaasahan niyang makakapasok ang kapatid ko balang araw sa Yamanaka Women's High School. Tulad ng nakagawian, hinanda ng

aking ina para sa pasukan ang kapatid ko sa umagang iyon, subalit hindi na ito bumalik mula sa paaralan.

- **Sitwasyon mula sa ikapito**

Sa sumunod na araw pagkatapos ng pagbomba, pumunta ang kapatid kong lalaki sa Tenma Primary School upang hanapin ang kapatid naming babae dahil hindi pa ito bumabalik mula sa paaralan. Ayon sa kanyang nasagap na impormasyon, naglilinis daw sa tanggapan ng punong-guro ang aming kapatid na babae sa panahon ng pagbomba, kaya hinanap niya ito sa gitna ng gumuhong gusali subalit walang makitang anumang bakas ng kapatid namin. Napisa ng husto ang gusali ng paaralan at ang lahat ay naging abo mula sa pagkasunog.

Ilang araw kong kasama ang aking ina at kapatid na lalaki sa shelter na nasa Ogawachi-machi. Subalit labis ang pag-aalala ng aking ina sa kalagayan ng aking kapatid na babae kaya naisipan naming bumalik sa bahay.

Nanatiling nakahiga ang aking ina mula noong bumalik kami sa bahay. Ang tanging gamot na natanggap niya para sa kanyang mga sugat ay ang ointment na pinahid ng isang beses lamang noong siya ay nasa Koi Primary School.

Masuwerte kami dahil hindi naman gaanong nasunog ng husto ang aming bahay, kaya naipagamit namin sa mga kapitbahay ang aming mga kumot. Noong malaman ito ng aking tiyahin na si Sueko Omoya, nagalit siya sa amin at sinabing, “Ano ba ang nangyayari sa inyo? Masyado kayong galante sa pagbibigay ng mga kumot sa ibang tao pero hindi man lang ninyo magawang lagyan ng kumot ang inyong sariling ina?” Dahil nasa ikalawang taon sa Industrial School ang aking kapatid na lalaki at ako naman ay nasa ikatlong taon sa Primary School, na sa kasalukuyan ay katumbas ng isang mag-aaral sa Junior High School at Elementary School, wala naman kaming magawa sa sitwasyong ito. Noong bumisita sa aming bahay ang aking tiyahin, inalagaan niya kami pati ang aming ina. Sa bahay ng aking tiyahin ang kanyang asawa na si Shigeo, na nakakabatang kapatid na lalaki ng aking ama, ay umuwi sa siyudad ng Hiroshima pagkalipas ng dalawang araw mula ng pagbagsak ng bomba. Siya ay nakadestino noon sa kanyang military unit sa Yamaguchi. Umuwi siya dahil ang kanyang asawa at anak na babae na si Nobue ay nasa Hiroshima. Kung hindi dahil sa tulong ng aking tiyuhin at tiyahin, palagay ko ay mahihirapan kami ng husto dahil mga bata pa kami noon.

Bagama't natuwa ang nanay ko sa mabilis na paggaling ng mga paso niya sa mukha, hindi gaanong gumaling ang mga paso sa kanyang sa likod. Akala ko ay

gumaling na ito dahil medyo natutuyo na, subalit biglang na lang natuklap ang lahat ng balat sa likod niya. May mga uod sa ilalim ng kanyang balat. Hindi nagtagal ay nabalutan na ng mga uod ang kanyang likod. Imposibleng tanggalin ang lahat ng mga ito. Noong tinabihan namin ng aking kapatid na lalaki ang aming ina sa pagtulog, hindi ko maiwasang pansinin ang amoy ng mga uod na nagdumugan sa katawan niya habang nasa loob siya ng kulambo.

Bagama't napakatindi ng pinsalang dinaranas niya, wala akong narinig na hinaing mula sa kanya tulad ng, "Napakasakit nito" o "Makati ito," o di kaya'y paghingi ng tubig. Sa halip ay sinabi niyang, "Gusto kong kumain ng milokoton, gusto kong kumain ng milokoton," kaya pumunta ang tiyahin ko sa Inokuchi para bumili nito. Habang ginugunita ko ito ngayon, naisip ko na siguro talagang nauhaw siya ng husto.

Sa umaga ng Septiyembre 4, namatay ang aking ina. Nalaman ko ang pagkamatay niya mula sa aking tiyahin noong sinabi niyang, "Hiroko! Namatay na ang nanay mo." Hanggang sa mga sandaling iyon ay hindi namin gaanong napansin ng kapatid kong lalaki ang kalagayan ng aming ina. Kung iisipin ko ang kalagayan niya noon, sa pagkabiya ng kanyang ulo at tindi ng pinsalang natamo niya, halos hindi ako makapaniwalang umabot siya ng isang buwan. Habang ikinakarga ng mga sundalo ang mga nasugatan upang dalhin sa lugar na masisilungan sa labas ng bayan, ayaw namang umalis ng aking ina sa bahay namin hangga't hindi nakakatanggap ng impormasyon kaugnay sa kinaroroonan ng aking kapatid na babae. May isang taong nagkaroon ng matinding pinsala katulad ng aking ina, na gumaling sa pamamagitan ng pagpapagamot sa labas ng bayan. Sa pag-aalala sa pumanaw naming katapid na babae, sinikap ng aking ina na mabuhay sa paniniwalang matatagpuan din namin siya sa bandang huli.

Sa araw ng pagkamatay ng aking ina, sinunog namin ang kanyang bangkay sa dating lugar na kinatatayuan ng Koseikan. Hindi ako nakaramdam ng pagkalungkot at hindi rin ako lumuha. Siguro namanhid na ang aking damdamin. Umulan sa araw na iyon kaya nahirapan kami sa pagsunog sa bangkay ng aming ina.

Sa siyudad, lahat ng mga gusali ay gumuho at ang natira ay isang patag na kalawakan mula sa pagkasunog. Mula sa aming bahay, nakikita namin ang estasyon ng Hiroshima at Ninoshima. Napakaraming bangkay kahit saan kami magpunta. Hinatak ng mga sundalo ang mga bangkay mula sa ilog at sinunog ang mga ito. Bagama't may mga bangkay na mahigit sa isang buwan na nakalatag sa lupa, hindi namin gaanong binigyan ng pansin ang mga bangkay na nasa paligid habang kami ay dumadaan. Dahil wala naman kaming alam kung ano ang Atomic Bomb at wala

naman kaming makain sa panahong iyon, hindi kami nag-atubiling kumain ng mga pagkaing kinapitan ng radiation, tulad ng patatas galing sa bukirin ng ibang tao at bigas na galing sa lupang may radiation.

● **Buhay pagkatapos ng pagbomba ng Atomic Bomb**

Pagkalipas ng ilang panahon mula ng mamatay ang aming ina, pumunta kami sa nayon ng Midorii upang umasa sa mga kamag-anak at makiusap sa kanila na patirahin kami sa kanilang kamalig. Naunang dumating sa amin ang aming lolo at lola. Noong ibinagsak ang bomba, ligtas sa sala ng kanilang bahay ang aming lolo na si Tomekichi Omoya at ang aming lola na si Matsuno. Subalit, sa pagdating nila sa nayon ng Midorii, ang aming lolo na dating masigla ay naging sakitin. Limang araw pagkatapos mamatay ang aming ina, binawian ng buhay ang aming lolo. Wala kaming balita mula sa kinaroroonan ng aming tiyuhin na si Shoso, na kasama ng aming lolo at lola na nakatira sa Hirose-motomachi. Ayon sa kanila, nasa bandang pasukan siya ng bahay noong panahon ng pagbomba.

Sa nayon ng Midorii, nalito kami ng husto sa maraming pagbabagong naganap sa aming pamumuhay. Pagkatapos mag-aral ng isang taon sa nayon ng Midorii, bumalik kami sa Hirose. Nagsama-sama kami, pinatag ang ilang lupain at gumawa ng isang kubo na matitirahan. Inampun kami ng aming tiyahin at tiyuhin. Ako at ang aking kapatid na lalaki ay pinalaki nila na parang tunay na mga anak. Hindi kami nakaramdam noon ng pagkalungkot sanhi ng pagkamatay ng aming mga magulang.

Subalit sa aking paglaki ay nakaramdam ako ng pagkalungkot sa kawalan ng sariling mga magulang. Ang aking pinsan, na kasabay kong lumaki katulad ng isang tunay na kapatid, ay may pribadong guro o “tutor” mula noong nasa mababang paaralan pa siya. Habang pinagmamasdan kong tinuturuan siya ng kanyang guro, hindi ko maiwasang mainggit sa kanya at medyo nakaramdam ako ng pagkalungkot. Tumira ako sa pamilya ng aking tiyuhin hanggang makapag-asawa ako. Nagtrabaho ako bilang isang accountant sa bahay ng aking tiyuhin na ginamit nila bilang pagawaan ng mga kasangkapan sa bahay.

● **Pag-aasawa at pagkakasakit**

Noong panahong iyon, inilihim ng karamihan sa mga naging biktima ng pagbomba ang kanilang nakaraan. Lalung-lalo na sa kaso ng mga kababaihan na nais mag-asawa balang araw. Karamihan sa kanila ay hindi nag-apply para tumanggap ng handbook para sa mga naging biktima ng Atomic Bomb upang huwag malaman na sila ay

naging biktima ng pagbomba. Bagama't labis akong nagpapasalamat sa tulong na dulot ng handbook na ito, medyo natagalan bago ako nag-apply para tumanggap nito. Tungkol naman sa pag-aasawa, umasa ako na hahanapan ako ng mapapangasawa ng aking tiyuhin at tiyahin. Sa bandang huli ay nakasal ako sa pamamagitan ng isang "marriage interview". Mapalad ako dahil hindi naman problema para sa naging asawa ko na isa akong biktima ng Atomic Bomb.

Pagkatapos kong makasal, nag-alala ako sa aking magiging anak. May thyroid cancer ako. Ang nakakatanda kong kapatid na lalaki at pinsan ay may sakit na cancer din. Ang anak kong babae ay may acoustic nerve tumor. Iniisip ko kung sakaling may kaugnayan ang sakit ng aking anak na babae sa pagbomba ng Atomic bomb.

● **Pangarap para sa kapayapaan**

Madalas kong kinukuwento ang aking mga karanasan bilang biktima ng Atomic Bomb sa aking mga anak. Dinala ko na rin sila sa Peace Memorial Museum at ipinaliwanag ko sa kanila ang sitwasyon noong panahon ng pagbomba.

Bagama't lagi akong kapos sa oras noon sa araw-araw kong pamumuhay at hindi ko man lang magawang bisitahin ang libingan ng aking pamilya, nagyon ay madalas kong nagagawa ito pati ang pakikipag-usap ng konti sa dati naming mga kapitbahay bago umuwi ng bahay. Kung nabubuhay lamang ang aking ina, gagawin ko ang lahat para lamang masiyahan siya at ipapadama ko sa kanya kung gaano siya kahalaga sa akin. Kaya, tuwing makakasalubong ko ang sinumang nasa edad ng aking ina, para bang hindi ko magawang iwanan sila ng ganoon na lang, dahil gusto kong gawin ang anumang bagay para masiyahan sila tulad ng nais kong gawin sa sarili kong ina.

Sa dami ng buhay na nasakripisyo sa pagbomba ng Atomic Bomb, nagpapasalamat ako sa kalagayan ng katawan ko ngayon. At kung iisipin ko ang namatay kong ina, nais kong magkaroon ng mahaba at masiglang buhay alang-alang sa aking mga anak.

**Isang pangyayari sa summer na
nais kong limutin, ngunit hindi
ko magawang kalimutan**

Chiyoko Shimotake

● **Buhay sa panahon ng digmaan**

Ipinanganak ako noong 1921 sa nayon ng Tonoga (na binago sa pangalang Kake-cho at kasalukuyang tinatawag na Akiota-cho), sa lalawigan ng Yamagata, Hiroshima Prefecture.

Sa bandang 1940 o 1941, umalis ako sa bahay ng aking mga magulang at tumira sa bahay ng isang guro sa nayon ng Tsutsuga (kasalukuyang Akiota-cho) upang pag-aralan ang tea ceremony, pag-aayos ng mga bulaklak at iba pang mga pagsasanay sa tamang asal o etiquette sa ilalim ng isang guro na kilala sa pagiging mahigpit sa pagtuturo. Malaki ang naitulong nito sa aking buhay sa bandang huli. Pagkalipas ng ilang taon, matapos pumanaw ang guro, nakiusap sa akin ang tagapamahala ng edukasyon sa nayon ng Tsutsuga na ako ay pumalit bilang isang guro. Kumita ako mula sa mga lecture fees na binayaran ng pamahalaan ng Tsutsuga.

Sa pagkakataong ito, nakilala ko si Hisashi Kawamoto, ang pamangking lalaki ng Hepe o pinuno sa nayon ng Tonoga at nakasal kami noong Mayo 1944. Nakasal kami dahil sa personal na koneksiyon ng aking ama, na isang empleyado sa Tonoga Village Office. Pagkatapos naming ikasal, tumira kami sa bahay ng aking mga biyenang (biyenang lalaki na si Kamesaburo at biyenang babae na si Sekiyo) na malapit sa tulay ng Tsurumi sa Hijiyama-honmachi sa siyudad ng Hiroshima. Bagama't may negosyo ang aking asawa sa pagbebenta ng relo, napilitan siyang magsara dahil may ilang mga tindahan na sa lugar namin at hindi na kailangan ang ganito karami sa loob ng bayan. Mahirap ang kalagayan sa digmaan, kung saan may kautusan na hindi kailangan ang dalawang full-time na maybahay para sa isang sambahayan at dapat magtrabaho ang mga babae. Sa sumunod na buwan pagkatapos ng aking kasal, nagtrabaho ako sa isang military arsenal sa Kasumi-cho, kung saan nagtatrabaho din ang aking biyenang lalaki.

● **Bago mangyari ang pagbomba**

Nasa nayon ng Tonoga rin ang bayang pinagmulan ng aking mga biyenang. Balak bumisita ng biyenang kong babae sa nayon ng Tonoga mula Agosto 3, subalit nagbago ang isip niya sa umagang iyon at sinabi sa akin na, “Mauna ka muna. Bibisita na lang ako doon sa panahon ng *Obon* at lalagi ako ng sampung araw.” Kaya pumunta ako sa bahay ng aking mga magulang sa nayon ng Tonoga mula Agosto 3 hanggang Agosto 5. Habang patawid ako sa tulay ng Tsurumi, hinabol ako ng biyenang kong babae at inabot sa akin ang isang payong na nasa mabuting kondisyon at sinabi na, “Iwanan mo ito sa bahay ng iyong mga magulang dahil hindi ko alam kung ano ang mangyayari kapag itinabi namin ito sa Hiroshima dahil sa patuloy na pagbomba.”

Pagkatapos ay sinabi niya na, “Ikumusta mo na lang ako sa iyong tatay at nanay at siguruhin mong makabalik sa ika-lima.” Ito ang huling salitang binitiwang biyenang kong babae. Habang nakikinig ako sa kanya, hindi ko akalaing ito na ang magiging huling salita niya sa akin. Tuwing pumupunta ako sa bahay ng aking mga magulang, gustong-gusto kong tumagal doon hangga’t maari at magpahinga ng husto, kaya nagpasiya akong sumakay sa huling biyahe ng bus sa gabi ng ika-lima pauwi sa bahay namin. Pauwi na sana ako noon pero hindi ako pinayagang sumakay sa bus at tuloy bumalik na lang ako sa bahay ng aking mga magulang. Noong malaman ng aking ama na hindi ako nakauwi sa amin, pinagalitan ako ng aking ama at ang sabi niya, “Ang isang taong hindi marunong tumupad sa pangako ay walang silbi. Nakakahiya kina Ginoo at Ginang Kawamoto ang ginawa mo!” Sa ipinadala niyang telegrama sa mga Kawamoto, sinabi niya na, “Gagawin ko ang aking makakaya para siguruhing makauwi si Chiyoko bukas.”

● Mula Agosto 6 hanggang Agosto 9

Sa sumunod na araw (Agosto 6), bagama’t alam ko na kailangan kong lisanin ang bahay ng maaga sa umagang iyon dahil lumampas na sa araw na pinagkasunduan, naging mabagal pa rin ang kilos ko sa araw na ito. Kung sakaling lumabas ako ng maaga sa umagang iyon, siguro ay napatapat ako sa lugar na pinakamalapit sa binagsakan ng Atomic Bomb. Hanggang sa sumapit ang 8:15 ng umaga. Pagkatapos ng tila isang matinding kislap, nagkaroon ng malakas na tunog na para bang dumadagundong ang lupa. Paglipas ng ilang sandali, nagkalat sa himpapawid ang maraming piraso ng papel at mga nasunog na bahagi nito na may markang “Siyudad ng Hiroshima” sa wikang Hapon. Noong makita ko ito, naisip ko na siguro may nangyari sa Hiroshima. Pagkalipas ng ilang sandali, napag-alaman namin na talagang may nangyaring masama sa Hiroshima. Sinikap kong bumalik sa Hiroshima, subalit sinabi sa akin na mahirap lakarin ang ruta patungo sa siyudad, lalung-lalo na para sa mga kakabaihan at kabataan. Kaya nauna munang naglakad ang aking ama patungo sa siyudad ng Hiroshima para kumpirmahin ang kalagayan doon. Ayon sa kanya, pagdating niya sa dati naming tirahan sa Hijiyama-honmachi, nakita niya na nasunog na ang lahat. Sa pagitan ng mga natira ng sunog, natagpuan niya ang isang karatula kung saan nakasulat ang mensahe na, “Nasa dormitoryo kami sa arsenal.” Pumunta siya doon at natagpuan niya ang aking asawa at mga biyenan. Ang biyenan kong babae ay nagtamo ng matinding pagkasunog at naghihingalo na. Pagkatapos kumpirmahin ang kalagayan ng aking asawa at mga biyenan, pinuntahan ng aking ama ang aking tiyuhin sa Higashi-Hakushima-cho para alamin ang kalagayan niya.

Dahil gumuho ang buong bahay nila, pumunta ang tiyuhin ko sa lugar na nasa bandang Koi para sumilong mula sa kapahamakan. Ang aking pinsan, na inatasang magsilbi para sa “building demolition operations” sa ilalim ng student mobilization, ay namatay na.

Matapos libutin ang paligid, bumalik ang ama ko sa nayon ng Tonoga. Nalaman ko mula sa kanya na nasa dormitoryo sa arsenal ang aking pamilya pati ang aking asawa. Pagkatapos sumakay sa bus ay lumipat ako sa tren (Kabe Line) at dumating ako sa Hiroshima sa umaga ng Agosto 8. Habang ako ay naglalakbay patungo doon, nakita ko na may maraming taong sugatan na halos naghihingalo, na nakalapag sa harap ng estasyon sa Kabe. Ang bawat isa sa kanila ay may isang lata ng pagkain sa tabi ng unan nila. May mga taong nagpunta para hanapin ang kanilang pamilya, habang tinitingnan ang mukha ng mga biktima at tinatawag ang pangalan ng kanilang mahal sa buhay. Subalit, walang sinuman sa kanila ang may lakas upang sumagot. Habang tinitingnan ko ang dami ng mga taong nasugatan, nag-alala ako ng husto sa kalagayan ng sariling pamilya.

Huminto ang tren ko sa may estasyon ng Mitaki at pinababa ang mga pasahero. Mula dito ay nagpatuloy ako patungo sa dormitoryo sa arsenal, habang dala-dala ko ang pagkaing natanggap ko sa aking mga magulang, tulad ng pickled plums at bigas. Subalit, sa lawak ng kapatagang likha ng pagkasunog, hindi ko alam kung saang direksiyon ako dapat pumunta. Sinikap kong maglakad kahit nawala na ang mga palatandaang dati kong nakikita. May nakita akong apoy. Sa pag-aakalang may tao sa paligid nito, lumapit ako sa pinagmulan ng apoy upang magtanong, subalit nalaman ko na ang apoy na ito ay mula sa mga bangkay na sinusunog. Kahit sa tulay, sa tabi ng daan, sa bukirin o anumang lugar ay may nakikita akong sinusunog na mga bangkay. Habang pinagmamasdan ko ang mga sinusunog na bangkay, wala akong maramdaman at hindi ko na rin pinansin ang amoy galing dito. Para bang naging manhid ang aking damdamin sa mga nanyayari sa paligid ko.

Sa wakas, sa 3:00 ng umaga ng ika-siyam ay nakarating ako sa dormitoryo sa arsenal. Bagama't pumanaw na aking biyenang babae, nasa tabi pa rin ang kanyang bangkay dahil ilang oras pa lang ang nakakalipas mula sa kanyang pagkamatay. Dahil nasa bukirin ang aking biyenang babae noong panahon ng pagbomba, matindi ang natamo niyang pinsala. Halos nasunog ang buong katawan niya. Ang kanyang baba at suso ay nasunog ng husto. Ayon sa aking biyenang lalaki, tila tumigil ang pagdaing ng kanyang asawa kaya sinindihan niya ang ilang kandila at nakita niyang binawian na ito ng buhay. Kinabukasan ay gumawa ng kabaong ang aking biyenang lalaki para ilagay ang bangkay ng kanyang asawa at pagkatapos ay sinunog ito sa bukirin ng

patatas.

- **Pagkamatay ng aking asawang lalaki**

Dahil nasa bahay ang asawa ko noon, walang makikitang anumang pinsala o pagkapaso sa kanyang katawan. Ayon sa kanya, lumabas siya para iligtas ang biyenang kong babae noong marinig niya ang sigaw nito habang nagtatrabaho sa bukirin.

Noong Agosto 15, nagising ako sa 5:00 ng umaga. Bagama't sinabi ng aking asawa na hindi ko kailangang gumising ng ganito kaaga, gumawa ako ng dumplings para ialay sa kaluluwa ng aking biyenang babae dahil ikapitong araw ito mula sa kanyang pagkamatay – ang araw na kung saan dapat kaming gumawa ng memorial service. Gumawa din ako ng lugaw para sa aming tatlo. Sinubukan kong pakainin ng lugaw ang aking asawa, na nakahiga sa sahig kasama ang aking biyenang lalaki sa isang kuwartong may sukat na tatlong tatami mat, pero hindi siya gumalaw. Namatay siya ng hindi man lang napansin ng aking biyenang lalaki. Dahil pinapalibutan na ng mga langaw ang bangkay ng aking asawa, ipinaalam ko sa tanggapan ng lokal na pamahalaan na namatay ang asawa ko sa ikalabing-apat (kahit na namatay siya sa ikalabinlima), upang kahit papaano ay mapadali ang pagsunog o cremation niya, kung kaya nagawang sunugin ang bangkay ng asawa ko sa araw na iyon. Gumawa uli ng kabaong ang biyenang kong lalaki at sa pagkakataong ito ay para sa aking asawa. Nilagay namin ang bangkay ng aking asawa sa kabaong at pagkatapos ay sinunog namin ito. Dahil nahirapan siya noon sa pagsunog sa bangkay ng aking biyenang babae, nakiusap ang biyenang kong lalaki na isagawa ko ang pagsunog sa bangkay ng aking asawa. Matindi ang aking pag-aatubili sa pagsunog sa bangkay ng isang taong humihinga pa noong umagang iyon, subalit inisip ko na lang na responsibilidad ko ito kaya sinindihan ko na ang apoy. Hindi ko magawang manatili doon habang nasusunog ang bangkay sa harapan ko. Tinangka kong umalis, pero hindi ako makatayo dahil humapay-hapay ang aking mga paa. Kaya wala akong magawa kundi gumapang na lang pauwi sa bahay. Sa dami ng mga bangkay na sinusunog sa alinmang lugar, napasog ang aking mga paa at kamay sa kakagapang sa lupang mainit pa mula sa pagsusunog na ginagawa.

Kinabukasan, lumabas ako para kunin ang natirang buto ng aking asawa at nagtaka ako kung bakit hindi tumunog ang sirena para sa red alert kahit na may mga eroplano ng kalaban na lumilipad sa himpapawid. Sa bandang huli ay napag-alaman kong natapos na pala ang digmaan.

- **Cyanide na gagamitin sa pagpapakamatay**

Sa arsenal, nakatanggap ang lahat ng kababaihan ng cyanide. Sinabi sa amin na dapat inumin namin ito kung sakaling ginahasa kami ng mga sundalong amerikano, dahil itinuturing ito na isang kahihyan ng mga Hapon. Noong mamatay ang aking asawa, tinangka kong inumin ang cyanide dahil naramdaman kong nawalan na ng silbi ang buhay ko. Noong lumabas ang aking biyenang lalaki upang ipahayag ang pagkamatay ng aking asawa sa tanggapan ng lokal na pamahalaan, inumpisahan kong uminom ng tubig bago inumin ang cyanide. Subalit, sa mga sandaling iyon ay naisip ko kung ano ang iisipin ng biyenan kong lalaki sa oras na datnan niya akong patay. Kaya nagpasiya ako na huwag inumin ang cyanide, dahil naisip ko na hindi ako dapat mamatay at tungkulin ko ang alagaan ang aking biyenang lalaki. Ginupit ko ang mahaba kong buhok at sinunog ko ito kasabay ng bangkay ng aking asawa, habang sinasabi sa kaluluwa ng aking asawa na, “Patawad, mahal ko. Hindi pa ako puwedeng pumunta sa kinaroroonan mo. Ito ang damdamin ko para sa iyo.” Kung hindi dahil sa aking biyenang lalaki, malamang ay ininom ko na ang cyanide.

Pagkatapos kong bumalik sa nayon ng Tonoga, dala ko pa rin ang cyanide. Natuklasan ang cyanide ng isa sa aking mga kapatid na lalaki at pagkatapos ay sinunog niya ito. Hanggang hawak ko daw ang cyanide ay may posibilidad na gamitin ko ito. Hindi ko maipaliwanag ang amoy ng nasusunog na cyanide.

- **Ang pagkamatay ng aking biyenang lalaki**

Naranasan ng biyenan kong lalaki ang pagbomba ng Atomic Bomb habang nasa arsenal at matindi ang pagkapasong natamo niya sa kanyang likod. Kaya palagi siyang natutulog ng padapa. Pagkamatay ng aking asawa, binalak kong pumunta sa nayon ng Tonoga kasama ang aking biyenang lalaki. Subalit pumanaw siya noong ika 25 ng Agosto. 24 taong-gulang lang ako noon at sa pagkamatay ng aking asawa at mga biyenan ay naiwan na akong nag-iisa sa Hiroshima. Akala ko noon na handa na akong mamatay. Subalit hindi ko magawa ito, dahil tungkulin kong dalhin ang abo ng tatlong namatay sa sarili nilang bayan at dalhin sa kanilang pamilya.

- **Pagbabalik sa nayon ng Tonoga**

Sa wakas ay nakabalik ako sa nayon ng Tonoga noong Septiyembre 6, dala ang abo ng aking asawa at mga biyenan. Isinagawa ng kamag-anak ng aking asawa ang funeral service sa bahay nila. Dahil masyado akong payat noon at hindi gaanong mabuti ang kalusugan, nandoon ang aking mga magulang at mga kapatid para suportahan ako. Dahil sa kanila ay nabubuhay pa ako ngayon. Naramdaman ko na

ang pagkakaroon ng mga magulang at kapatid ay isang napakalaking bagay. Tuwing kakain kami ay ganadong-ganado sila kaya napapagaya tuloy ako. Sa panahong iyon ay kapos kami sa pagkain, kaya pinilit ko ang sarili na kumain kahit wala akong gana, dahil sa pag-aakalang makakasama sa akin kapag hindi ako kumain. Sa tingin ko ay nakabuti ito sa akin sa bandang huli.

Pagkatapos kong bumalik sa nayon ng Tonoga, pumunta ako sa siyudad ng Hiroshima ng ilang beses kasama ang aking ama. Isang araw, hinabol kami sa siyudad ng isang dayuhang naging bihag sa digmaan. Pagod na pagod na kami noon sa paglalakad sa paligid at napilitang dumaan sa isang lugar na walang daanan, pagkatapos ng bagyong Makurazaki. Sa labis na takot ay sinikap naming makatakbo ng papalayo. Hinding-hindi ko makakalimutan ang pangyayaring ito.

● **Muling pag-aasawa**

Sa taong 1957 ay muli akong nag-asawa sa isang lalaking may tatlong anak, noong dalawang taong gulang ang bunsong anak niya. Sa umpisa, binalak kong tanggihan ang kanyang alok ng kasal dahil wala akong karanasan sa pagpapalaki ng bata. Subalit, noong makita ko ang mga anak niya ay nagbago ang aking isipan. Kaakit-akit ang mga anak niya at tuloy ay pumayag akong makasal kami dahil alam kong hindi na ako magkakaroon ng sariling anak at naramdaman ko na magiging masaya ako sa pagpapalaki sa mga anak niya.

● **Kalagayan ng kalusugan**

Maraming beses akong nag-alala sa aking pisikal na kondisyon. Kasalukuyan ay kinakailangan kong magpatingin sa iba't-ibang uri ng manggagamot. Tuwing pupunta ako sa klinika ng aking dentista sa aming lugar para magpabunot ng ngipin, sinasabi niyang isama ko ang isang manggagamot dahil hindi normal ang pagtuyo ng aking dugo.

Noong 2001, may pitong taon na nakakaraan, nagkaroon ako ng operasyon para sa ovarian cancer. Ang cancer na ito ay kumalat na hanggang sa aking bituka, kaya itinuturing itong isang major operation dahil higit sa 50 cm ng aking bituka ay kinailangang tanggalin. Ang ovarian cancer ay isang sakit na mahirap gamutin at ito ay kumalat na sa aking bituka. Kaya, nakakapagtataka na nakaligtas ako ng buhay.

Noong nagkaroon ako ng ovarian cancer, pakiramdam ko ay mapait ang lasa ng mga pagkain. Kailan lang ay naramdaman ko uli ito, kaya pumunta ako sa ospital para magpatingin sa isang manggagamot. Habang nasa ospital, napag-alamang may bumara sa aking bituka at kailangan kong lumagi sa ospital.

- **Pagsagap ng radiation mula sa pagbomba ng Atomic Bomb**

Bagama't hindi ako nagkaroon ng mga paso mula sa direktang epekto ng radiation ng Atomic Bomb, dinapuan ako ng mga langaw na nag-iwan ng kanilang mga itlog sa aking buong katawan, pati ang aking mga kamay, paa at likod at naglabasan ang napakaraming uod mula sa aking balat. Napakatindi ng sakit na dulot nito na para bang kinakagat ako ng mga niknik o horsefly. Maraming natirang marka sa aking likod mula sa mga uod na kumapit sa aking katawan noon, kaya hindi ako makapunta sa anumang public bath o mga hot springs.

Tuwing makikita ng mga manggagamot sa ospital ang aking likod ay tinatanong nila ako kung ano ang nangyari sa akin. Sinasabi ko sa kanila na nakuha ko ito mula sa pagbomba ng Atomic Bomb. May ilang doktor ang nagtanong kung nakalabas ang likod ko sa panahon ng pag bomba, pero hindi naman ganoon ang nangyari.

Napakahalaga para sa atin ang kapayapaan at isang pagkakamali ang pagkakaroon ng digmaan. Kahit sa ating sariling tahanan, hindi magiging masaya ang samahan kapag may gulo o problema sa isa't-isa, kaya mahalagang iwasan ang mga ito at panatiliin ang matiwasay na pagsasama.

Masuwerte ka talaga

Toshio Miyachi

● **Buhay sa panahong iyon**

Ipinanganak ako noong 1917 sa nayon ng Nakanosho, sa lalawigan ng Mitsugi (kasalukuyang Innoshima-Nakanosho-cho, siyudad ng Onomichi). Habang nagtatrabaho ang aking ama sa tanggapan ng koreo sa Nakanosho, ang aking ina na isang full-time na maybahay, ay nag-aararo ng isang maliit na bukirin. Dalawang taon matapos akong ipanganak bilang pinakamatandang lalaki na sinundan ng tatlong kapatid na babae, isinilang ang aking bunsong kapatid na lalaki. Namatay ang aking nakakabatang kapatid na babae noong 1924, pagkatapos siyang isilang. Pagkatapos nito ay namatay din ang aking ina. Mula noon ay kaming dalawa lang ng aking ama ang nakatira sa bahay.

Noong 1939, pinatawag ako para magsilbi sa military kung saan nadeestino ako sa 5th Division, Field Artillery, 5th Regiment. Bilang pinuno ng aming pulutong, nadeestino ako sa iba't-ibang lugar, tulad ng Vietnam at Tsina sa loob ng tatlong taon. Pagkatapos kong magretiro, nagtrabaho ako sa Marukashi Department Store, sa sangay nito sa Hikari, na pinangangasiwaan ng aking pinsan. Noong 1943, lumipat ako ng trabaho at namasukan sa sangay na tanggapan ng Miyaji Steel Manufacturing Company sa Hikari, na pinangangasiwaan ng aking lolo. Lumipat ako ng trabaho dahil ang lokasyon ng punong-tanggapan ng bagong kompanya ay mas malapit sa tirahan ng aking ama, kaya mas madali para sa akin na alagaan siya. Sa paglipat ko ng trabaho ay nag-asawa din ako. Ipinanganak ang panganay naming lalaki noong Abril 1944.

Noong Abril 1945, nakatanggap uli ko ng kautusan para magsilbi sa military. Pangalawang beses ko na ito. Sa panahong ito ay inilipat ko ang aking asawa at anak sa Innoshima para sumilong doon. Inatasan akong magsilbi sa Field Artillery, 5th Regiment, pero sa pagkakataong ito ay nagsilbi ako sa regimental headquarters bilang isang military register keeper. Limitado ang bilang ng mga natira sa punong himpilan dahil ang karamihan sa mga sundalo ay ipinadala sa iba't-ibang bahagi ng bansa upang ipagtanggol ang kabuuang bahagi ng bansang Hapon. Bilang isang sundalo, ang pangunahing tungkulin ko noon bilang military register keeper ay ang pagsagawa ng isang military register o talaan at pamamahagi ng mga military pocketbooks. Hindi ko kinailangang sumali sa mga operasyon ng military.

Si Sarhento Okada, ang nakakataas kong opisyal, na kababalik lang mula sa nayon ng Kobatake, sa lalawigan ng Jinseki (kasalukuyang Jinsekikogen-cho, lalawigan ng Jinseki), ay isang natatanging tao. Dahil kami lamang dalawa ang nagtatrabaho sa iisang kuwarto, naging malapit siya sa akin.

Noong Hunyo 1945, binago ang pangalan ng aking grupo at ito ay naging Chugoku

Military District Artillery Reserves (Chugoku 111st Unit). Ang pangkat na ito ay nasa kanlurang bahagi ng Hiroshima Castle. May ilang two-story military barracks ang itinayo para palibutan ang kanal, kung saan may nakatalagang apat na pangkat ng mga sundalo.

- **Sitwasyon bago naganap ang pagbomba ng Atomic Bomb**

Ang balak ko noon ay bumalik sa dating kompanyang pinapasukan pagkatapos kong makaalis sa military. Ganoon din pala ang pinaplano ng kompanya para sa akin. May pinadalang liham mula sa presidente ng kompanya sa aming pangkat upang alamin kung puwede akong bumisita sa siyudad ng Hikari para dumalo sa isang mahalagang pagpupulong. Subalit, nag-atubili akong humingi ng permiso para lumabas dahil ayokong isipin ng iba kong kasamahang sundalo na iniwan ko ang aking puwesto para dumalo sa isang business meeting sa dating kompanyang pinangangasiwaan ng aking mga kamag-anak. Habang ako ay nag-aatubili ng ganito, binigyan naman ako ng konsiderasyon ni Sarhento Okada at sinabi niya na, “Huwag kang mag-alala. Ako ang kukuha ng permiso para sa iyo.” Dahil sa kanya ay nabigyan ako ng permiso para makalabas at noong Agosto 5 (Linggo) ay nasa siyudad ng Hikari na ako. Kalakip ng permisong ipinagkaloob sa akin ay ang kondisyong sasakay ako sa tren na darating sa estasyon ng Hiroshima sa 9:00 ng umaga, sa sumunod na araw ng Agosto 6 (Lunes) at pagkatapos ay kailangang bumalik ako sa aking pangkat.

Nagising ako sa 4:00 ng umaga noong Agosto 6 at pagkatapos ay sumakay ako ng tren mula sa estasyon ng Hikari pagkatapos kong mag-almusal. Sa 8:15, kung kailan ibinagsak ang Atomic Bomb, ang tren na sinasakyan ko ay nasa paligid na, bago dumating sa estasyon ng Iwakuni. Wala akong gaanong marinig sa labas dahil sa sobrang ingay ng tren, kaya hindi ko narinig ang tunog mula sa pagsabog ng bomba. Subalit, ang lahat ng mga pasahero ay nakatingin sa mga bintanang nasa kanang bahagi ng tren (sa direksiyon na tinatakbuhan nito) at sinabing, “May malaking ulap ng usok na parang isang advertising balloon na kumakalat sa himpapawid ng Hiroshima.” Walang anumang anunsiyo ang ginawa at walang sinuman ang nakakaalam kung ano ang nangyayari at patuloy na tumakbo ang tren hanggang huminto ito ng bigla sa estasyon ng Itsukaichi. Sa estasyong ito, kung saan nahinto din ang iba pang tren na nauna, inutusang bumaba ang lahat ng mga pasahero dahil hindi maaring ituloy ang biyahe patungo sa Hiroshima. Nag-alala ako dahil nangako akong babalik agad sa aking pangkat pagdating ko sa Hiroshima sa 9:00 ng umaga.

Sa harap ng estasyon ng Itsukaichi, medyo dumilim ang palibot na parang gabi na,

sanhi ng maitim na usok na binubuga ng makina ng tren, kaya hindi ko namalayan ang kilos ng mga tao sa paligid. Pagkalipas ng ilang sandali ay humupa na ang usok at napansin kong may nakaparadang truck ng military police sa di kalayuan. Parang katatapos lang ng kanilang pakay o lakad sa lugar na ito ang mga pasahero ng truck, kaya nakiusap ako kung puwedeng makisakay patungo sa Hiroshima Castle upang makasama ko ang aking pangkat. Pumayag agad sila. Dalawa sila, isang Kabo at isang Sarhento. Napansing kong masigla ang dalawa at tila walang mga sugat na natamo sa katawan, kaya naisip kong hindi siguro sila direktang naapektuhan ng pagsabog ng Atomic Bomb. Kung sakaling buhay pa sila ngayon, nais ko silang makaharap ng personal para pasalamatan.

● **Sitwasyon sa siyudad pagkatapos ng pagbomba**

Bagama't hindi ko masyadong matandaan ng husto kung anong ruta ang dinaanan namin mula sa Itsukaichi patungo sa Hiroshima, sa palagay ko ay bumiyahe kami sa isang diretsong daan at may nilampasan kaming mga taniman ng bigas. Sa gilid ng daan ay may daloy ng mga taong nagmamadaling tumakas mula sa kapahamakan. Pagkatapos pumasok sa siyudad ng Hiroshima, dumaan kami sa riles na dinadaan ng tren o street tram. Siguro ay nakatakas na ang karamihan dahil parang walang tao sa siyudad. Wala rin kaming makitang mga aso o pusa.

Bagama't nakisuap ako sa kanila na ihatid ako hanggang sa Hiroshima Castle lamang, ibinaba nila ako sa may harapan ng tulay ng Aioi. Halos tanaw ko na ang kinaroroonan ng aking pangkat mula sa tulay na ito, kaya naisipan kong lakarin na lang patungo doon. Subalit hindi ako makalakad dahil sa init ng nasunog na daan. Bagama't nakabalot sa gaiters ang suot kong sapatos na may sintas, hindi ako makalakad ng kahit isang metro kaya napilitan akong huminto sa tulay.

Siguro may isang oras ang nakalipas sa ginagawa kong pagsulong at pag-urong ng 50 cm sa tulay ng Aioi. Bigla na lang umulan ng malakas na parang karayum na tinatarak sa aking balat. Kulay itim ang ulan, na bumalot sa paligid na para bang nabuhusan ito ng langis. Subalit noong kinuskos ko ng kamay ang aking mukha, hindi ko naman naramdaman na malangis ito. Sa kalagitnaan ng kapatagang tinupok ng apoy, wala akong masilungan sa patuloy na pag-ulan. Habang basambasa ang buong katawan ko sa ulan, wala akong magawa kundi hintayin itong tumila.

Pagkatapos tumila ng ulan, biglang nagbago ang temperatura at napansin kong lumamig ang panahon na katulad ng autumn. Lumamig na rin ng konti ang mainit na lupa, kaya medyo madali na ang paglalakad sa ibabaw nito.

Pagdating ko sa kinaroroonan ng aking pangkat, nakita ko ang kahabag-habag na

ayos nito. Sa dating kinatatayuan ng aming barracks, nawasak ang lahat ng mga gusali, tinupok ng apoy hanggang abo na lang ang natira at pagkatapos ay tinangay ng ulan na halos walang bakas ng dating anyo ng paligid ang natira.

Si Sarhento Okada naman ay nag-aagaw buhay na dahil sa dami ng paso na natamo niya sa buong katawan. Bagama't nasa ganitong kondisyon, humihinga pa naman siya. Sa tindi ng kanyang pagkapaso, halos hindi ko siya agad nakilala hanggang sa narinig kong sinabi niya na, "Miyachi, ang suwerte mo talaga!". Pagkatapos nito ay umalis ako ng pansamantala subalit sa pagbalik ko sa bandang gabi ay hindi ko na makita si Sarhento Okada. Siguro ay inilipat siya sa ibang lugar.

Bagama't hindi ko matandaan ng husto, siguro nakilala ko si Heneral Shunroku Hata ng 2nd Army Forces Command pagkatapos nagkaroon ng itim na ulan noong Agosto 6. Inutusan ako ng kanyang assistant o adjutant at sinabi na, "Ikaw, dalhin mo si Heneral Hata at itawid mo siya sa ilog ng Temma at iwasan mong mabasa siya!" Medyo maliit si Heneral Hata. Sinunod ko ang utos at tumawid ako sa ilog habang pasan ko sa likod si Heneral Hata. Napansin kong hindi naman siya masyadong mabigat.

● **Pagsagawa ng rescue operations**

May 90 sundalong nakatakas sa pagbomba, ang nagtipun-tipon sa kanlurang panig ng parade ground. Ako at ang ilang mga sundalo ay inatasan sa pagsunog ng mga bangkay. Napakaraming bangkay ang dapat naming sunugin, 250 sa isang araw at 300 naman sa susunod.

Habang ginagawa namin ito, kapansin-pansin ang bangkay ng dalawang sundalong amerikano na nakahilatay sa hagdanan ng Hiroshima Castle. Sa palagay ko ay mga bihag sila o POW mula sa hukbong amerikano na nasa loob ng gusaling katabi ng Hiroshima Castle noong panahong iyon.

Sa araw ng pagbomba noong Agosto 6, wala kaming makain kaya isinama ko ang 30 sa aking mga tauhan patungo sa munisipiyo para kumuha ng tinapay. Subalit ang sitwasyon ay iba sa aming inaasahan. Nakipagtalo kami sa nangangasiwa ng munisipiyo ngunit hindi namin sila makumbinsi na bigyan kami ng tinapay. Sa araw na iyon ay wala kaming magawa kundi uminom ng mainit na tubig na may asukal para kahit papaano ay mabawasan ang gutom na nararamdaman namin. Mula Agosto 7, nakatanggap kami ng rice balls pati matigas na tinapay mula sa rasyon na ipinagkaloob ng mga rescue team mula sa labas ng siyudad.

Habang natutulog sa labas, ipinagpatuloy namin ang aming rescue operations hanggang sa katapusan ng Agosto.

Sa wakas, ipinalabas ang isang kautusan noong Agosto 31, para buwagin ang lahat ng mga pangkat. Sa pagbuwag ng mga pangkat, ang iba't-ibang kagamitan na nakaimbak sa mga bodega ng military ay ipinamahagi sa mga sundalo. Nakatanggap ako ng mga uniporme ng military at kumot. Ang ilang sundalo na galing sa labas ng bayan ay nakatanggap ng mga kabayo mula sa military at ito ang sinakyan nila pauwi sa kanilang tahanan.

Noong Septiyembre 1, sumakay ako sa isang bapor mula sa piyer ng Itozaki at bumalik ako sa Innoshima.

● **Mga sakit**

Pagkalipas ng dalawang buwan mula noong bumalik ako sa Innoshima, habang umihi ako sa isang bukirin, nagulat ako dahil humigit-kumulang sa 1-*sho* (mga 1.8 litros) ng ihi na kulay kape ang lumabas mula sa katawan ko. Pagkatapos nito ay patuloy na lumabas ang kulay kape na ihi. Sa sumunod na taon, napasok ako sa ospital sanhi ng problema sa loob ng aking tiyan. Pagkatapos nito ay nagkaroon ako ng sakit sa atay kaya kinailangan kong lumagi sa ospital. Noong 1998, napasok uli ako sa ospital pagkatapos malamang may cancer ako sa pantog. Patuloy ang aking pagpapagamot hanggang sa kasalukuyan.

Noong Septiyembre 1960, natanggap ko ang A-Bomb Survivor's Health Book Certificate. Bago ipinagkaloob sa akin ang certificate, nag-atubili akong tanggapin ito. Kaya pinag-isipan ko ng husto at sinunod ko ang payo ng munisipiyo na tanggapin ito. Sa bandang huli, nagpasalamat ako sa pagkakaroon ng certificate, dahil nakatulong ito lalung-lalo na kapag nagkaroon ako ng sakit na may kaugnayan sa naganap na pagbomba.

● **Buhay pagkatapos ng digmaan**

Pagkatapos ng digmaan, nagbukas ako ng isang maliit na tindahan sa Innoshima. Sari-saring bagay ang ibinibenta sa tindahang ito. Dahil ang tindahang ito ay nasa probinsiya, hindi lamang pagkain ang ibinibenta kundi pati ang pagkiskis ng bigas at trigo, paggawa ng purified oil pati mga kasangkapan sa bahay. Bagama't may kahirapan ang kabuhayan noon, kahit papaano ay nagawa kong pag-aralin ang aking mga anak sa kolehiyo.

Noong 1946, pagkatapos isilang ang aming panganay na babae, namatay ito kasabay ng kanyang ina. Nag-asawa uli ako noong 1947 sa kasaluyan kong asawa at nagkaroon kami ng dalawang anak na lalaki at isang babae. Mahina ang pangangatawan ng lahat ng aking mga anak, na isinilang pagkatapos ng digmaan,

kaya pinaghihinalaan ko na may kaugnayan ito sa radiation na natamo ko noong pagbomba ng Atomic Bomb. Pinapayuhan ng aking asawa ang aming anak na babae na huwag banggitin na siya ay isang second-generation na biktima ng pagbomba ng Atomic Bomb, dahil baka makaapekto ito sa kanyang pag-aasawa sa hinaharap.

- **Pagkamatay ng nakakataas na opisyal sa pagbomba ng Atomic Bomb**

Kung sakaling nagpatuloy ang digmaan pagkatapos ibagsak ang Atomic Bomb, siguro mas naging malala ang kalagayan sa Japan. Naniniwala ako na ang nakamit na kapayapaan sa kasalukuyan ay bunga ng napakaraming sakripisyong isinagawa.

Dahil sa desisyon ni Sarhento Okada na bigyan ako ng pahintulot upang makaalis, naiwasan kong matapat sa pagsabog ng Atomic Bomb kung kaya nabubuhay pa ako ngayon. Nawalan na ako ng balita tungkol sa kinaroroonan ni Sarhento Okada mula noong Agosto 6, kung kailan sinabi niya sa akin na, “Miyachi, ang suwerte mo talaga.” Matagal na naging palaisipan ito para sa akin. “Nais kong iparating ang aking taos-pusong pasasalamat sa iyo, Sarhento Okada.” Dahil naintindihan ng mga anak ko ang aking nararamdaman para kay Sarhento Okada, tumulong sila sa paghahanap ng impormasyon sa pamamagitan ng Internet pati ang pagtawag sa iba’t-ibang templo hanggang sa matagpuan ang libingan ni Sarhento Okada.

Noong 2007, binisita ko ang libingan ni Sarhento Okada kasama ng aking pamilya. Pagkatapos magbigay ng galang sa libingan niya at ipahayag ang aking taos-pusong pasasalamat sa kanyang kaluluwa, tila napakalaking bigat ang natanggal sa aking dibdib.

Pagnanasa para sa Kapayapaan ng Susunod na Henerasyon

Tokio Maedoi

● **Ang buhay bago sumabog ang A-bomb**

Noong taong 1945, magkasama kami nakatira ng nanay kong si Hisayo at ang dalawang ate ko sa Kusunoki-cho 1-chome. Kahit nasa unang baitang ako ng Mababang Paaralan ng Misasa, Advanced Department noong panahon na iyon, nagtrabaho ako araw-araw sa mga pabrika at iba pang lugar bilang kasama sa mobilisasyon ng mga mag-aaral, kaya hindi ako nakapag-aral sa paaralan. Pinagtrabaho ako, kasama ang apatnapong kamag-aral doon sa pabrika ng Nissan Motor Co., Ltd. sa Misasa-honmachi 3-chome. Ang aking dalawang ate ay nagtrabaho din, si Kazue sa Hiroshima Postal Savings Branch at si Tsurue sa pabrika ng uniporme ng sundalo sa Hiroshima Branch.

● **Ika-6 ng Agosto**

Noong umagang iyon, ako ay nagtatrabaho bilang mobilized na estudyante sa Nissan Motor Co., Ltd. Kami ay nakakalat sa loob ng pabrika, at ako ay nasa opisina kung saan ginampanan ko ang trabaho tulad ng pagbibigay ng mga piesa sa mga trabahador pag kinakailangan nila. Noong oras na iyon, kinailangan ang mga turnilyo, kaya umalis ako sa opisina hawak ang dalawang kahon at lumakad patungo sa pabrika na nasa likod ng gusali. Bigla nalang, ako ay nabalot sa asul na ilaw na parang apoy na sumabog galing sa gas burner, at sabay nawala ang aking paningin at ang pakiramdam ko ay parang lumulutang sa hangin. Akala ko, tinamaan kami ng bomba, ngunit tinanggal na ang babala ng air raid and di namin kayang ipagtanggol ang sarili. Ang una kong naisip, ay “O, mamamatay na ako....”

Hindi ako sigurado kung ilang minuto ang lumipas bago ako nagkamalay, at nalaman ko nalang na nakahiga ako sa lupa. Mayamaya, nang lumiwanag ang paligid, bumalik ang aking paningin at naisip ko “Buhay pa ako!”

Natumba ako sa tabi ng nabuwal na tanke ng gas kaya’t nagasgas ang balat ng aking kamay. Naisip ko, kalbo ako at nakasuot lang ng kamesang may maiksing manggas at kwelyong bilog at pantalong maiksi noong pumutok ang A-bomb kaya nagkaroon ako ng malubhang paso kung saan walang takip sa aking katawan. Ngunit sa panahong iyon, hindi ko agad naisip ang matinding sakit sa aking katawan dahil wala akong naramdaman. Dahil hindi ko makita ang aking mga kaklase na kasama ko sa trabaho, naisip ko ang aking pamilya at ninais kong makauwi. Noong palakad na ako, nakita ko ang malaking bakal na pultahan ng pabrika na nabuwal na may tatlo ka taong naipit sa ilalim nito. Sa tulong ng ibang tao sa tabi, naalis namin sila sa pagkakabaon at pagkatapos sinabi ng lahat na “Alis na, alis na” at tumakas kami sa pabrika.

● Kalagayan matapos ang pamomomba

Ang bayan ay napuno sa mga bumagsak na mga gusali at pader, at di ko nakikita ang mga lansangan. Umuusok ang buong paligid sa nangyaring sunog, at lahat ng naglalakad ay may paso samantalang ang iba'y tumatakas dala-dala ang kanilang mga anak. Habang naglalakad ako sa ibabaw ng mga labi at mga kahoy na nabuwal, isang pakong naka-usli ang tumusok sa aking sapatos at talampakan ngunit di ko naramdaman ang sakit dahil sa malaking takot ko. May naririnig akong mga daing na humihingi ng tulong na nanggaling sa mga natambak na mga labi, ngunit nataranta na ako at tuluyan akong naglakad na hindi na tumulong sa mga humihingi ng saklolo.

Noong dumating ako sa bahay namin, nakita kong tuloyan na itong nawasak. Hindi ko natagpuan ang nanay at ang dalawang ate kahit alam kong nakatigil sila doon. Napuno ako ng takot sapagka't labing-dalawang taong gulang pa lang ako noon at naisip kong "Nag-iisa nalang ako sa mundong ito." Tinititigan ko nalang ang aming nawasak na tahanan at natuliro kasama sa pag-iisip na "Ito na ang katapusan." Samantalang nag-iisip ako, narinig ko sa ilang taong nagsasabing "Lumalawak ang sunog. Magsitakas na kayo!" at unti kong nagkaroon ng lakas para tumakas. Noong lumakad ako patungo sa evacuation site na dati pang napili ng aming pamilya, natagpuan ko ang isang kaklase na nagtatrabaho din sa parehong pabrika na nangganggalang Nakamura. Siya ay patungo sa tahanan ng kanyang kamag-anak doon sa Mitaki-cho at inanyayahan niya akong sumama noong sinabi niyang "Halika't magsama tayo."

Dahil ang Mitaki-cho ay nasa tabi ng bundok, hindi ito masyadong natamaan ng bomba. Ang bahay ng tiyahin niya'y bintana lang ang nasira. Pagkakita sa amin, ang sabi ng tiyahin niya, "Salamat at naligtas kayo, salamat." Binigyan kami ng kanin pero wala akong ganang kumain. Noong nakapagpahinga na ako nang kaunti, nagsimula ko nang naramdaman ang sakit sa aking katawan at naisip ko na may masamang nangyari sa akin. Napaso ang mga bahagi ng aking katawan na hindi nakadamit, kaya ang katawan ko'y puno ng paltos na sobrang laki at namamaga. Hindi rin ako nakasuot ng sumbrero kaya nasunog din ang aking ulo at kumikirot sa sakit. Ang sabi nila, pag ang katawan ay 1/3 nasunog, dapat patay ka na. Pero sa isip ko, mas malala pa ang mga paso ko sa katawan.

Nagsimulang umulan bago umabot ang tanghalian. Ito'y isang magandang pakiramdam sa aking katawan kaya pinabayaan kong maulan an ako. Noong tinitigan ko ang ulan, may kislap itong parang gasolina. Ngunit noong panahon na iyon, hindi ko ito nauunawaan, ngunit sa ngayon, ito pala ang tinatawag na radioactive "Black Rain" o "Itim na Ulan."

Pagkatapos, nagpaalam ako kay Nakamura at sinimulan kong maglakad ulit upang makarating sa paaralan sa Yasu-mura (ngayo'y Asaminami-ku, lungsod ng Hiroshima), kung saan ang aming evacuation site. Umiinit ang pakiramdam ng katawan ko kaya kumuha ako ng mga pepino sa bukid at piniga ko ang katas nito sa mga paso ng katawan ko at tuluyang lumakad.

Sa wakas, umabot din ako sa paaralan, ang himpilang pangririlyebo ay bukas at puno ng mga nasalantang tabi-tabing nakahiga parang mga isdang nahuli. Doon ako nakatanggap ng pangangalagang medikal sa unang pagkakataon, kung saan pinahiran lang ng mantika ang aking mga paso. Ang paaralan ay punong-puno ng mga nasalanta kaya nilipat ako sa ibang silungan. Habang palipat ako doon, bigla kong natagpuan ang aking ate na si Tsurue. Nasa bahay siya noong sumabog ang A-bomb at nakapaikot din ng benda ang kanyang ulong nasugatan. Nang sa wakas ay nakakita ako ng kamag-anak, naisip ko “Ahh, hindi pala ako nag-iisa,” at ako ay naghinawaan. Sinabi ng ate ko na ang aming nanay ay ligtas kaya hinanap namin siya. Siya'y nasa beranda noong sumabog ang A-bomb, kaya ang binti niya ay may malalim na sugat at nagkaroon ng maraming paso sa mukha. Pagkatapos, nagkasama kami pati ang ate kong si Kazue na nagtatrabaho sa Hiroshima Postal Savings Branch.

Tumira kami sa Yasu-mura hanggang natapos ang digmaan. Naalala ko ang sobrang ginhawa noong naunawaan kong hindi na kailangang sumama sa digmaan. Tumagal kami ng dalawang linggo sa Yasu-mura, pagkatapos ay lumipat sa bahay ng mga kamag-anak doon sa bayan ng aking tatay sa Gono-mura sa Takata-gun (ngayo'y lungsod ng Akitakata).

Habang lumalala ang aking kalusugan, marami ang nagsasabing “Hindi na siya tatagal pa.” May doktor na ipinadala sa Gono-mura, kaya isinakay ako sa isang malaking kariton na may dalawang gulong at dinala upang bigyan ng tulong. Doon sa unang pagkakataon ginamot ang aking mga paso na nilagyan ng puting gamot na pampaso at sa wakas nakatanggap na rin ako ng tulong. Dahil sa malubhang kalagayan ng aking mga paso, hindi ko maalis ang aking damit kaya kinailangang guntingin ang aking damit. Mataas ang aking lagnat at kinailangan kong may humawak sa akin para pumunta sa banyo. Bagama't sugatan ang aking nanay, pinilit pa rin niya akong alagaan, ang kanyang bunso at nag-iisang anak na lalaki. Naalala kong nagpuyat ang aking nanay at pinapaypayan ako magdamag at sinasabing “Mainit, di ba?” Noong nagsisimulang gumaling ang aking mga paso, nagsimula namang dumugo ang aking ilong. Ang pagdurugo minsan ay hindi mahinto hangga't nabigyan ako ng iniksyon ng doktor.

Unti-unti akong gumaling at nagsimulang pumasok sa paaralan. May tatlong mag-aaral sa paaralan na iyon na lumipat din galing sa lungsod ng Hiroshima pagkatapos itong nabomba.

Minsan noong Setyembre, naging mausisa ako kung ano na ang nangyari sa Hiroshima kaya't nag-iisa akong sumakay ng bus patungo doon. Sa tabi ng bahay naming nawasak, nakita ko ang dati naming kapitbahay na nakatira sa itinayo nilang kubo at nakausap ko sila. Mayroon ding ibang mga kubo na itinayo na nagbigay kaunting proteksyon sa ulan. Pumunta ako sa pabrika ng Nissan Motor Co., Ltd. at nagkataong natagpuan ko ang katiwala ng planta. Kinumusta niya ako at sinabi niya kung ano ang nangyari noong sumabog ang A-bomb. Nangilabot ako ulit noong kinuwento niya na umusli ang mga mata ng babaeng kasamahan sa opisina kun saan ako naninilbihan bago sumabog ang bomba. Mula noon, hindi ko na nakita ang apatnapung kaklaseng nagtatrabaho sa pabrika at hanggang ngayon ay hindi ko na rin alam kung ano ang nangyari sa kanila.

● **Muling pagtatayo ng aking buhay**

Pagkaraan ng dalawa o tatlong taon, bumalik ako sa lungsod ng Hiroshima upang itayo muli ang aking buhay dahil sa walang trabahong matagpuan sa kabukiran. Dahil hindi ako nakapag-aral, nahirapan akong humanap ng trabaho. Gayunman, nagtrabaho ako bilang tagahatid ng pahayagan, sa mga konstruksyon, at kahit anong trabaho para lang may pera akong pambili ng pagkain.

Noong ako ay dalawampu't tatlong taong gulang na, pinasya kong magpakasal, at dahil sa kagustuhan kong malaman ng magiging asawa ko ang aking nakaraan, sinabi ko sa kanya na nakaligtas ako sa A-bomb. Sa kanyang buong pag-uunawa, pumayag siyang magpakasal sa akin. Noong panahong iyon, maraming impormasyon ang lumalabas sa mga pahayagan tungkol sa mga epekto ng A-bomb sa mga taong nakaligtas, ngunit sinikap kong hindi mag-alala. Noong ako ay dalawampu't pitong gulang, isinilang ang aking unang anak na lalaki at kasabay sa panahong iyon ipinasok ako ng bayaw ko sa Toyo Industries Co., (ngayo'y Mazda Motor Corporation). Mula noon, palagi akong lumilipat ng trabaho, ngunit ang bayaw ko ay nagpapalakas ng loob ko upang magkaroon ako ng pagtitiyaga at kumilos nang masigasig, kaya sinimulan ko ang trabaho na may pagpupunyagi alang-alang sa aking anak.

● **Pag-alala sa kalusugan**

Habang kausap ko ang mga kasamahan ko sa trabaho sa pang-gabi, nakakilala ako

ng isang nakaligtas sa A-bomb habang nasa tulay ng Aioi. Dahil halos nasa gitna siya sa pamomomba, nagulat ako sa kanyang sinabi. Nakatanggap siya ng pakiusap galing sa Atomic Bomb Casualty Commission na dumaan sa isang pisikal na iksamen. Sapagka't pareho kaming nakaligtas sa A-bomb, kami ay natutuwang nakipag-usap sa isa't-isa. Ngunit, ang kanyang pisikal na kalagayan ay humina at na ospital siya, bagama't minsan pang nakabalik sa trabaho ngunit pumanaw din siya noong umabot sa limampung taong gulang. Patuloy ang pag-alala ko sa aking kalusugan, kaya naisip kong isang milagro na buhay pa ako hanggang ngayon. Patuloy akong nagtrabaho hanggang umabot sa edad ng pamamahinga noong ako ay may limampu't-limang taong gulang.

● **Pagnanasa para sa kapayapaan**

Ang dahilan kung bakit ako nagpasyang i-kuwento ang karanasan ko sa A-bombing ay dahil ang pisikal na kalagayan ko ay pahina na habang ako'y tumatanda at dahil lumalakas ang aking hangaring ipaalam ito sa mga kabataan. Ang mga kabataan ngayon, hindi pinipilit na makipag-digmaan katulad noong unang panahon, samantalang malaya nilang gawin ang kanilang kagustuhan. Nais ko lang ipaunawa sa kanila, kahit kaunti lamang, tungkol sa nangyari animnapu't-apat na taong nakaraan na di kayang unawain, pati na ang mga damdamin ng mga kabataang nasawi at ang paghihirap ng naunang henerasyon.

Bilang karagdagan, nais kong palakasin ang loob ng mga kabataan upang itaguyod ang mga kilusang para sa kapayapaan, patungo sa pagbuwag sa mga sandatang nukleyar upang hindi na maulit ang aking naranasan. Walang kaaya-ayang karanasang idudulot ang magkaroon ulit ng pagbobomba. Hangad kong makita ang pagbibigay wakas sa sandatang nukleyar habang buhay pa ako.

Mga Sugat ng Digmaang Kailan Ma'y Di-nagagaling

Kyoko Fujie

- **Sitwasyon bago ang pamomomba**

Noong panahon na iyon, ako ay nasa ika-apat na baitang sa Mababang Paaralan ng Ujina. Ang tatay ko'y apatnapu't isang taong gulang noong nakatalaga siya sa punong-tanggapan para sa mga barko ng Army Department, kung saan siya nakasakay sa barkong militar sa loob ng higit kumulang sa isang taon. Umuwi siya sa aming tahanan sa Ujina-machi (sa ngayon ay Minami-ku, lungsod ng Hiroshima) isang beses kada anim na buwan. Ang aking nanay na may tatlumpu't isang taong gulang ay isang midwife, kaya kahit mapanganganib sa syudad, hindi siya maaring lumikas dahil sa kanyang mga pasyenteng inaalagaan. Ang aking nakakabatang kapatid na babae, ay isang taon at limang buwang gulang, at ang aking lola na walumpung taong gulang (nanay ng aking tatay) ay kasama din naming nakatira. Nakatira din sa amin ang aking pinsan sapagka't gusto ng aking tiyuhin, na nagtrabaho sa pagawaan ng bapor sa Korea, na mag-aral ang anak niya sa paaralang Hapon.

- **Mga alaala ng paglikas ng mga kabataang mag-aaral**

Noong Abril 1945, ang mga mag-aaral sa ika-3 hanggang ika-6 na baitang sa Mababang Paaralan ng Ujina ay naisailalim sa paglikas ng mga batang mag-aaral. Kami ay hiniwalay at pinadala sa Miyoshi-cho, Sakugi-son o Funo-son (sa ngayo'y lungsod ng Miyoshi) sa hilagang bahagi ng lalawigan. Ako ay napunta sa templong Jojun-ji sa Miyoshi-cho.

Ang pagkain sa templo ay halos purong soybeans. Ang pagkain ay may kaunting kaning nakadikit sa soybeans, pati merienda ay soybeans. Minsan nawala ang kanin sa paglalagyanan ng anak ng pari sa templo na nasa mataas na paaralan. Lahat kami ay pinalabas at pinaupo ng mga guro doon sa bulwagan ng templo at sinabihan na "Kung sino man ang nagnakaw ng kanin ay magsalita na ngayon."

Malapit sa templo ay may malaking tulay pinangalanang Tomoe na may katabing dambana. Sa may dambana ay may malaking puno ng cherry na namumunga. Ang mga nakakatandang bata ay aakyat sa puno at mamimitas para kainin nila. Hindi ko naunawaan bakit sinabihan nila akong tumayo sa ilalim ng puno at magbantay. Habang nakatayo ako, bigla nalang narinig ko ang sigaw ng isang matandang lalaki at hinuli ako. Tumingin siya sa itaas ng puno at sinigawan ang ibang mga bata "Bumaba kayo dyan." Hawak ng matanda ang aking kamay at ako ay umiiyak noong tinanong niya kung taga saan ako. Noong sinabi kong taga Jojun-ji ako, binitawan niya ang kamay ko. Nagsalita ang matanda at sinabing "May mga tanim akong sibuyas at iba pa sa ilalim ng puno. Pag tinapakan ninyo

iyon, hindi na maaring kainin. Hindi niyo pwedeng gawin yan. Itigil ang pag-iyak mo.” Noong gabing iyon, ang matandang lalaki ay nagdala ng pinasingawang kamote at iba pang pagkain. Noong una akala ko mukhang nakakatakot ang matanda ngunit mabait pala siya. Siguro naiisip niyang kawawa naman kami at nagnanakaw ng cherries para makain dahil kami ay sobrang gutom.

Ang mga nailikas na mga batang mag-aaral ay paminsan-minsang nakatanggap ng kendi galing sa kanilang mga magulang. Gayunma’y hindi na namin ito natikman. Pinadalhan ako ng kending gawa sa soybeans pero kinuha ng mga guro. Sabi ng mga nakakatandang bata, ang mga guro daw ang kumain ng mga padala.

Mayroong nakakatakot na kumalat na kuto sa amin. Nilatag namin ang pahayagan and sinuklay ang buhok namin para maalis ang kuto. Umitim ang kuto sa dami ng dugo na nasipsip nila at dinurog namin. Pagkatapos naming nagsuklay, inilatag namin ang aming kamesa sa beranda ng templo sa ilalim ng init ng araw.

● **Ika-6 ng Agosto**

Isang linggo bago inihulog ang bomba, nakauwi ang aking ama galing sa ibayong-dagat kaya nagmadali akong umuwi para makita siya. Dapat akong bumalik sa templo sa ika-5 ng Agosto ngunit hindi ako nakakuha ng tiket kaya sa ika-6 ng Agosto ako may tiket.

Noong umaga ng ika-6 ng Agosto, hinatid ako sa himpilan ng Hiroshima ng aking nanay na karga sa likod niya ang kapatid kong babae. May isang matandang babaeng kalapit-bahay ko at magbibisita sa apo niyang nilikas sa Miyoshi, kaya sabay kaming sumakay sa tren. Sumakay kami sa Geibi Line na patalikod patungong Miyoshi. Noong malapit na kaming pumasok sa unang lagusan, may nakita akong tatlong parasiyut. Kapapasok lang namin sa lagusan nang may pagsabog ng bomba.

May malakas na ingay na umalingawngaw sa aking mga tainga. Dahil nakaupo ako, walang nangyari sa akin ngunit lahat ng nakatayo, pati yung mga may edad, ay natumbang palikod at nabuwal. Hindi ako nakarinig nang mabuti at parang may bato na nakaharang sa aking tainga.

Pagkalabas ng lagusan, hindi kapani-paniwalang ganda ang usok na galing sa bomba. Ako at ang matanda ay nanood na lamang at sinabing “Aba, nakapagtataka.” Dahil sa aking kamusmusang pag-iisip, hindi ko mawari kung ano na ang nangyari sa Hiroshima.

Pagkarating namin sa Miyoshi, sinabi ng matanda sa akin na “Ayon sa radio, lubusang nawasak ang buong Hiroshima.” Ngunit hindi ko pa rin nauunawaan ang lahat kaya pumasok ako sa paaralan at nagtabas ng damo. Sa unang pagkakataon,

dumating ang trak na may sakay ng mga biktima ng bomba galing Hiroshima. Nagulat ako noong makita ko ang mga biktimang lubusang napasong bumaba sa trak. May isang taong pilit na hinawakan ang balat ng kanyang mukha na halos tumulo na sa kanyang pisngi, may isang babaeng punit-punit ang dibdib, at isang lalaking may hawak ng binaliktad na kawayang walis para gamiting tungkod. Naalala ko pa lahat yong eksena hanggang ngayon. Hindi ako natakot pero hindi rin ako makapaniwala.

● **Ang karanasan ng aking pamilya sa pagsabog ng A-bomb**

Nakaraan ang tatlong araw pagkatapos ng pagsabog, nakatanggap ako ng balita mula sa aking pamilya. Noong ika-12 o ika-13 ng Agosto, bumalik ako sa Hiroshima sakay ang tren kasama ang isang kapitbahay na nasa ika-6 na baitang na nagngangalang Nobu-chan. Sinundo ako ng aking ama sa himpilan ng Hiroshima at lumakad kami sa daan sa tabi ng burol ng Hijiyama. Naalala kong kinuwento ng tatay ko habang naglakad kami ang tungkol sa aming pamilya at sinabi niya na “Walang mabubuhay dito muli sa darating na pitumpung taon.”

Noong umabot kami sa bahay, nakita ko ang aking nanay na nakabalot ng kumot mula ulo hanggang paa. Nakabalot siya sa kumot upang hindi manganak ang mga langaw dahil napuno ng paso ang kanyang buong katawan. Ang aking kapatid na babae ay mayroong maraming paso sa mukha at nangitim. Ang kanyang mga kamay at paa ay malubhang napasong kaya’t binalot din ito ng kumot. Dahil siya ay musmos pa, natakot siya sa anyo ng aming nanay kaya laging umiiyak.

Noong hinulog ang A-bomb, ang nanay at ang kapatid kong babae ay naghintay ng trambya sa tulay ng Enko. Isang oras bago bumagsak ang bomba, noong tumunog ang sirena, pinahiram niya sa kapitbahay naming matandang babae ang kanyang talukbong laban sa air-raid sa dahilang nakalimutan ng matanda. Dahil dito, nalantad siya sa sinag ng A-bomb. Dahil karga niya ang aking kapatid sa likod, nasunog ang kanyang kaliwang paa, kamay at mukha. Binaba niya ito at nilubog sa tubig nang ilang beses habang tumakbo sila patungong Eastern Drill Station sa likod ng himpilan ng Hiroshima.

Ang lola ko ay nasa bahay noong sumabog ang bomba. Kahit hindi nasunog ang bahay, matindi ang pagkasirang inabot nito.

Dalawang buong araw na naglakad at naghanap sa aking nanay at kapatid ang aking tatay at pinsan sa lungsod ng Hiroshima. Noong natagpuan nila, dahil sa matinding pagkasunog ng aking ina, ang buong katawan niya ay namaga kaya’t hindi matiyak kung siya ay lalaki o babae. Noong ika-6 ng Agosto, nagkataong suot ng nanay ko ang damit na gawa sa telang bigay ng aking tatay mula sa ibang bansa.

Tinali ng aking nanay ang ritasong tela sa kamay ng aking kapatid bilang palatandaan. Nakilala ng aking kapatid na isang taong gulang ang aking pinsan kaya tinawag niya ito, “A-chan.” Noong nakita nila ang ritasong tela, alam nila na sila na nga ito. Sinabi ng nanay ko “Hindi na ako tatagal pa, kaya kunin mo na ang anak natin at umuwi na kayo,” ngunit isinakay ng tatay ko sa malaking kariton na may dalawang gulong at inuwi silang dalawa.

● **Ang pagkamatay ng aking ina**

Namatay ang aking nanay noong ika-15 ng Agosto. Ginamit ng tatay ko ang isang matandang punong-kahoy para gumawa ng isang simpleng kabaong at sinunog namin siya sa bakanteng lote sa likod ng aming bahay. Halos lahat ay doon sa lote isinusunog, kaya ang lahat ng amoy ay pumapasok sa bahay at ito’y nakapandidiri.

Ipinahayag ng nanay sa aking lola ang kanyang mga panghuling salita, “Nanay, nais ko pong kumain ng malaking patatas.” Dahil sa kakulangan ng pagkain noong panahon ng digmaan, dadalhin ng nanay ko ang mga damit at iba pang gamit sa probinsya para ipagpalit ng patatas at iba pang pagkain. Sa tingin ko, kinain lang niya ang mga maliliit na patatas na nagmula sa palitan. Ang mga maliliit na patatas ay may mapait na lasa at maaring hindi na kinakain ngayon.

Para ipagdasal ko ang pamamayapa ng kaluluwa ng aking nanay, lagi akong nakikisama sa Toro Nagashi (pagdiriwang kung saan ang mga parol na papel ay pinalulutang sa ilog). Nag-alay ako ng malalaking nilagang patatas. Hanggang ngayon, kapag may nakikita akong malalaking patatas, naalala ko kung paano kong ibigay ito sa aking nanay.

● **Ang aming bayan pagkatapos ng digmaan**

Isang malawak na lugar sa tabing ilog sa ibabaw ng Mababang Paaralan ng Ujina ay ginamit para pangsunog nga mga bangkay. Ang mga bangkay ay ibinalot sa yero at sinunog. May butas sa yero para sa ulo ng bangkay. Kaming mga bata ay dumadaan dito papunta sa dagat para lumangoy. Minsan, naisip ko, “Ang ulo ng bangkay ay ngayo’y nasusunog.” Natatapakan ko rin ang maraming buto tuwing dumadaan ako. Sa tingin ko, ginamit itong pangsunog ng mga bangkay hanggan umabot ako sa ika-6 na baitang sa mababang paaralan.

Ang buhay pagkatapos ng digmaan ay puno ng kamalasan hindi lang sa amin; lahat ay dumaan sa magkaparehong paghihirap.

● **Ang aking kapatid na babae pagkatapos ng digmaan**

Ang aking kapatid na babae na kasama ng aking ina noong sumabog ang bomba ay naligtas. Noong panahong iyon, sinabi ng mga tao, isang milagro para mabuhay ang maliit na bata pagkatapos ng pagsabog ng bomba. Habang siya'y lumalaki, palaging naririnig ng aking kapatid “Kahangahanga na ikaw ay naligtas. Kahangahanga na ikaw ay buhay.”

Gayunman, ang aking kapatid ay nagtamo ng maraming peklat sa paa at ito'y pumangit. Hindi siya makasuot ng sapatos, kaya lagi siya nakasuot ng geta (bakya ng mga Hapones). Noong mga araw na iyon, maraming tao ang nagsusuot ng geta, kaya hindi ito naging problema sa araw-araw na buhay, ngunit nagkaroon ng problema kapag may lakad o paligsahan ng palaro dahil hindi siya makasuot ng geta. Gayunman, dahil hindi maiwasan, dalawang pares ng medyas pansundalo ang isinuot niya.

Dahil sa kanyang mga paa, lagi siyang tinutukso. Noong mga panahong iyon, may mga usap-usapan na nakakahawa ang sakit ng A-bomb, at laging tinuturo ang aking kapatid at sinasabing “Ang mga daliri niya ay nalulusaw,” o “kung tinitingnan mong malapitan, mahahawa kayo.” Kahit lumipas na ang ilang taon pagkatapos ng pagsabog ng A-bomb, noong nasa mababang paaralan na siya, tinuturing siyang nakakatakot at mayroon pang ibang dumayo para makita lang siya.

Gayunpaman, hindi sinabi sa amin o sa lola namin na minaltrato siya. Hindi siya nagreklamo sa kanyang sakit at tanong lang niya na ”Lola, milagro ba talaga na nabuhay ako?” Parang mula noong kamusmusan niya, inulit-ulit niya sa kanyang isipan na “Isang milagro na naligtas ako. Kahit malubha ang aking pagkapaso, nagpapasalamat na buhay ako.” Kamakailan lang, binasa ko ang mga sulat ng kapatid ko. Isa sa mga sinulat niyang nabasa ko “Noong panahong iyon, mas ninasa ko pang mamatay,” naisip ko tuloy kung gaano kahirap ang pinagdaanan niya.

Sinabihan siyang maari lang operahan ang paa niya kapag umabot na siya sa labinlimang taong gulang. Noong bakasyon sa mataas na paaralan, natupad na rin ang operasyon na matagal na niyang dinarasal. Pinagmimithi niya ang operasyon upang makakasuot na siya ng sapatos pagpumasok na sa mataas na paaralan. Ngunit hindi pa rin nangyaring makasuot siya ng sapatos. Kahit nalipat ang balat mula sa tiyan at likuran para ayusin ang hugis ng kanyang paa, nangitim ang balat at nakalabas pa din ng tatlong sentimetro ang daliri sa paa. Bago ang operasyon, sinabi niyang “Sa wakas, makakasuot na rin ako ng sapatos gaya ng lahat,” ngunit kahit pagkaraan ng animnapu't-limang taon mula noong pagsabog ng A-bomb, hindi pa rin siya makasuot ng sapatos na normal.

Dahil nagagasgas ang daliri niya sa paa at sumasakit, sinubukan niyang magsuot ng sapatos na may butas para nakalabas ang daliri, ngunit ito’y tumatama sa butas at nasusugatan. Walang araw na dumaan na hindi dumugo ang daliri niya. Inisip niyang hindi mapalagay ang loob ng ibang tao kapag nakita ang sapatos na may dugo, kaya kinulayan niya ng toothpaste ang dugong natuyo.

Noong pumasok siya sa Ospital para sa mga Biktima ng A-bomb, nakilala niya si Dr. Tomin Harada at sinabihan siya na “Huwag kang mag-atubiling sabihin sa akin kung may gusto kang pag-usapan.” Noong natapos siya sa mataas na paaralan, kinausap niya si Dr. Harada at pinakilala sa kanya ang isang pastor na Hapones na nakatira sa Los Angeles. Dahil namatay na ang aming ama bago siya nakapasok sa mataas na paaralan, mahigpit ang pera sa pamilya noon. Isang guro sa mataas na paaralan ang nagpakilala sa kanya na makahanap ng trabaho kung saan sinikap niyang magtrabaho nang maigi hanggang sa kanyang ika-dalawampung taong gulang kung kailan naka-ipon siya ng perang pambili ng isang tiket patungong Amerika.

Kinupkop siya ng pastor at nakapasok sa palabahan, kung saan siya nagkaroon ng pera para sa araw-araw na gastusin. Sa tingin ko, maraming paghihirap ang kanyang naranasan, ngunit ibinigay niya ang lahat at hanggang ngayo’y nakatira siya sa Los Angeles. Bagama’t naisip niya na hindi na siya makakapag-asawa nang normal, nag-asawa siya sa isang Hapones na nakatira sa Amerika at biniyayaan sila ng tatlong anak.

● **Mga pangyayari sa Osaka**

Pagkaraan ng isang linggo matapos ang operasyon ng aking kapatid, binisita ko ang aking kaibigan sa Osaka. Sinabi ng kapatid ko “Maigi na ang kalagayan ko kaya pumunta ka na sa Osaka.”

Sumakay ako ng lokal na express tren at gabi na noong umabot ako at dahil hindi ko alam ang bahay ng kaibigan ko, huminto ako sa himpilan ng pulis. Bagama’t siya ay batang pulis, mabait siya at sinamahan ako nang halos isang oras para hanapin ang kinatitirahan. Noong nahanap na namin ang bahay ng aking kaibigan, sinabi kong “Maraming salamat. Ikaw ay napakamatulungin.” Nagtanong siya kung taga saan ako, at sinabi kong taga Hiroshima ako. Bigla siyang napaatras at sinabing “Ang Hiroshima na pinasabog ng A-bomb?” Sinagot ko na “Oo” at sumagot siya “Isang babaeng taga-Hiroshima-- hindi kaaya-aya para sa akin. Isang babaeng taga-Hiroshima na natamaan ng pagsabog sa bomba?” Sinabi niya ito na parang mahahawa siya sa peligrong sakit galing sa akin. Noong panahong iyon, hindi ko masyadong naisip ang epekto ng A-bomb kaya’t ako’y nagulat sa nangyari.

Hindi ko masabi sa kapatid ko ang nangyari. Kinuwento ko ito sa aking kaibigan sa Osaka at sinabihan akong “Huwag na huwag mo nang sabihin sa kapatid mo ang nangyari dahil masasaktan lang siya.” Pagkatapos noon, hindi ko na sinasabing taga-Hiroshima ako.

● **Pangyayari sa tindahan ng damit**

Itong pangyayari ay mahigit sampung taon nang nakalipas noong tinutulungan ko ang isang customer sa tindahan ng damit. Isang taong hindi ko kakilala ay biglang nabanggit ang pangalan ng kapatid ko at tinanong kung ako ang nakakatandang kapatid niya. Ang sagot ko ay “Oo, bakit? Kilala mo siya?” Noong panahon na iyon, ang taong ito ay nakatira sa Furue, at ang tsismis tungkol sa aking kapatid ay umabot pa hanggang doon.

Dahil ditto sa nangyari sa Osaka, ginusto ko nang pumunta siya sa Amerika. Sa isip ko kung gusto niyang iwanan ang panunukso at diskriminasyon dito sa Hapon, at pumunta sa bansang walang may alam tungkol sa kanya, malamang mahahanap niya doon ang kaligayahan.

● **Ang pagnanasa ng kapayapaan**

Sa tingin ko, hindi talaga mauunawaan ng ibang tao ang sakit na nararamdaman ng mga nakaligtas ng A-bomb kung hindi nila ito naranasan. Ang maputol ang daliri malamang ang unang pagkakataong makaranas ng sakit ngunit ang sakit dulot sa pagkahiwa ng katawan ay di-kapanipaniwala. Sa ganoong dahilan, mahirap talagang ipaabot kung paano ang makaranas ng A-bomb.

Ang sugat ng digmaan ay abot sa pinakalooban ng aming puso. Hindi lang mga sugat sa labas, kundi pati iba pang mga sugat na nanatili pagkalipas ng ilang dekada, kumikirot pa rin. Ayaw pag-usapan ng aking kapatid ang digmaan o A-bomb mula pa noong bata kami, kaya lagi siyang iiwas tuwing napag-uusapan namin. Noong lumipat siya sa Amerika, lagi siyang nagsuot ng makapal na medyas para matago ang mga sugat niya at hindi niya gustong pag-usapan ang pagsabog ng A-bomb.

Ang digmaan ay dapat lubos-lubusang ilansag.

Nakita ko ang Impiyerno

Kimiko Kuwabara

● Pamumuhay bago ang pamomomba

Noong panahong iyon, ako ay labing-pitong taong gulang at kasama kong nakatira sa bahay ang aking nanay at nakakatandang kapatid na babae sa Misasa-honmachi 3-chome sa lungsod ng Hiroshima (ngayon ay Nishi-ku). Namatay na aking tatay, at kahit ako ay may tatlong kuya, ang panganay ay may sariling pamilya na, at ang dalawa’y nadestino sa lalawigan ng Yamaguchi.

Nagtrabaho ako sa Hiroshima Central Broadcast Station sa General Affairs section. Ang himpilan ay nasa Kami-nagarekawa-cho (ngayon ay Nobori-cho, Naka-ku) at ang katabing lugar niya ay parang naging plasa dahil sa mga bahay na linisan at giniba. Naalala kong ang aming himpilan ay nagbabalita ng maraming bagay ukol sa militar, kaya’t ang mga bintana ay pinatibayan laban sa paglusob ng mga eroplano.

● Ika-6 ng Agosto

Noong umagang iyon, pinalabas ang babala sa air raid, kaya hindi ako makalabas ng bahay at nahuli ako sa pagpasok sa trabaho. Tinanggal ang babala at umabot ako sa tanggapan sa may bandang ika-walo ng umaga. Katulad ng dati, kami ng mga katrabaho ko ay nagsimulang naglinis ng tanggapan alinsunod sa aming nakatakdang tungkulin. Noong pumasok ako sa tanggapan ng pinuno ng himpilan, narinig ko ang isang babae sa bakuran na sumisigaw, “May B-29 na lumilipad doon.” Noong nais kong usisahin at nang palapit na ako sa bintana, biglang may maliwanag na kislap galing sa labas. Ang kislap ay katulad sa pulang apoy kapag sumindi ang posporo ngunit ito’y mas matindi. Kaagad-agad akong pumikit at tinakpan ang aking mga tainga ng dalawang kamay at umupo sa sahig. Iyan ang itinuro sa amin kung sakaling magkaron ng pagsabog ng bomba. Sa gitna ng kadiliman, parang ang pakiramdam ko ay lumulutang, kakaibang pakiramdam na kumakalat sa aking katawan. Hindi dahil masakit, ngunit kakaiba ang pakirandam ko’t naisip kong ako’y mamamatay. Noong panahong iyon, hindi ko na napansin na ang pagsabog ay dumurog sa salamin at ang mga maliliit na piraso ay tumusok sa aking mukha at sa kaliwang braso, at tuloy duguan ang aking katawan. Hanggang ngayon, may mga pira-pirasong pino na naiwan sa aking kaliwang pisngi.

Pagkaraan ng sandali, hindi ako kumibo at narinig ko ang mga boses galing sa pasilyo. Ang silid ay sukdulang madilim kaya wala akong makita. Gayunman, naisip kong dapat akong makaalis kaya sinubukan kong sundan ang mga boses sa pasilyo at nabangga ko ang likod ng isang lalaki. Sa isip ko, “Dapat akong tumakas kasama nitong lalaki.... ako’y buhay pa.” Hiwakan ko nang mahigpit ang kanyang

sinturon at sumunod hanggang malapit na kami sa labasan. Maraming tao ang naglikom malapit sa labasan kung saan namin tinulak ang mabigat na pinto at nakalabas. Kasing dilim ng bukung-liwayway, at lahat ng bagay na sumabog ay nahuhulog mula sa itaas. Nakita ko ang mga taong lumabas galing sa himpilan, ang kanilang mga mukha’y maiitim, buhok ay nagsitayo, duguan at punit-punit ang mga damit. Hindi namin makilala ang isa’t-isa hangga’t narinig namin ang mga boses.

Akala namin pinatatamaan ang himpilan kaya’t malaki ang pagkasira sa pamomomba. Katabi nito ay ang gusali ng Chugoku Shimbun kung saan ang Station Subscription Section ay may tanggapan, kaya sumama ako sa mga babaeng kawani ng General Affairs Section. Sa unang pagkakataon, nadama kong hindi lang ang himpilan naming ang nasira. Lahat ng mga gusali ay bumagsak at nasunog ang buong kapaligiran. May malakas na apoy na nanggaling sa bintana ng aming tanggapan sa ika-lima’t ika-anim na palapag sa gusali ng Chugoku Shimbun. Dahil dito, kami ay tumakas patungong Shukkeien Garden na malapit sa himpilan ng tren. Habang palapit ang sunog, narinig ko ang mga iyak ng mga taong nababaon sa kanilang bahay, taong hinahanap ang kanilang kamag-anak, ngunit ako’y wala nang magawa kundi tumakas kaya’t wala akong maibigay na tulong.

Ang Shukkeien Garden ang ginamit na taguan ng maraming tao. Tinawid namin ang tulay sa loob ng halamanan papunta sa tabing ilog ng Kyobashi River. Nagsimulang masunog ang mga puno sa halamanan at patuloy na umabot sa tabing ilog kung saan kami at may isang mataas na punong-kahoy na biglang lumiyab kasama ang isang malakas na pagputok. Lumundag kami sa ilog na may lalim hanggang dibdib, kung saan namin minasdan ang kapaligiran, ang Ohsuga-cho sa kabilang panig ng ilog ay nasusunog at ang mga lumilipad na tilamsik ay umpisang umulan sa amin. Ang init na galing sa sunog na kumakalat sa tabing ilog at sa likod namin ay naging matindi kaya’t ginawa naming ulit-ulit na lumubog at umahon sa ilog hanggang gabi.

Maraming tao ang lumikas sa may tabing ilog kaya nawalan na kami ng lugar para makaupo. Ang mga sundalo ay nakatigil sa malapit dito. Dahil nakausot sila ng sombrero, mayroon pa ring natirang buhok, ngunit ang buong katawan nila’y lubusang nasunog at sila’y dumaraing sa sakit. May isang nanay na tahimik na nakatayo’t binuhat ang kanyang sanggol, ang itaas ng kanyang damit ay punit-punit at akala ko patay na ang kanyang sanggol.

Naririnig mo ang mga taong napasog at nasaktan at humihiling ”Pahingi ng tubig, pahingi ng tubig,” at ang iba nama’y nagsasabing “Hindi ka dapat uminon ng tubig.” Mayroong mga taong malala ang pagkasunog at hindi makayanan ang sakit na

lumundag nalang sa ilog. Halos ang mga lumundag ay hindi na umahon na buhay at natangay nalang sila sa agus ng ilog. Ang mga bangkay ay lumutang galing sa itaas ng ilog nang halos mapuno ang lapad nito. Habang nandoon kami sa ilog, dumaraan ang mga lumulutang na bangkay sa amin at itinulak ko para tuluyang lumutang kasama sa daloy pababa ng ilog. Noong oras na iyon, wala akong nararamdamang takot dahil ako ay galit na galit. Nasaksihan ko ang tanawing mas malungkot pa kaysa anong larawan ng impiyerno.

Ang sunog ay matindi kaya't hindi kami makagalaw kahit saan, at nanatili lamang kami buong araw sa tabing ilog ng Shukkeien Garden. Nang lumubog na ang araw, may maliit na bangkang dumating at hinahanap ang mga kawani ng himpilan. Nagpasya ang mga kawani na pumunta sa himpilang pangririlyebo sa Eastern Drill Ground at dinala kami ng bangka sa kabilang baybayin ng ilog. Nag-alala ako sa aking inang nag-iisa sa bahay kaya't sinabi kong balak kong umuwi at di na tumuloy sa himpilang pangririlyebo. Sinabi ng kasama ko sa trabaho, "Huwag kang ulol. Mapanganib ang bumalik sa bayan," at pinigilan ako. Dahil ang bahay namin ay nasa Misasa-honmachi, sa kanlurang bahagi ng lungsod ng Hiroshima, kailangan kong dumaan pa sa gitna ng bayan kung saan nababalutan ito ng apoy. Lahat sila ay tutol, kaya ako'y nag-aatubiling sumama sa kanila, ngunit sa sandaling ako'y nagkaroon ng pagkakataong humiwalay, nakaalis din ako. Narinig ko nalang ang mga boses ng mga nakapansin na umalis na ako, ngunit sinabi ko nalang, "Patawarin po ninyo ako," at tuloy na umiwing mag-isa.

● **Ang daang pauwi sa amin**

Pagkatapos ko iniwan ang aking mga kasamahan sa trabaho, umabot ako sa tulay ng Tokiwa na tumatawid sa ilog ng Kyobashi. May sunod-sunod na daloy ng mga napinsalang tao galing sa Hakushima na nasa kanlurang bahagi ng tulay pero walang taong patungong kabilang direksyon. Tapos nakakita ako ng dalawang manggagawa sa kumpaniya ng tren na gustong tumawid ng tulay. Sila ay patungong himpilan ng Yokogawa at tinanong ko sila kung maari akong sumama sa kanila ngunit sila'y tumanggi at sumagot, "Hindi namin alam kung makakaligtas kami o hindi, kaya hindi ka naming maaring isama. Pumunta ka nalang sa himpilang pangririlyebo." Ngunit hindi ako nakinig at sinundan ko sila sa lihim apat o limang metro ang pagitan sa likod nila. Habang naglalakad, minsa'y lilingon sila at hihinto ako ngunit tuloy ang pagsusunod ko sa kanila. Dahil sunod nang sunod ako sa kanila, bumigay na rin sila at sinabing, "Sige, sumunod ka na. Sundan mo kung saan kami lumakad." Tinuro nila ang mga delikadong lugar habang lumalakad.

Habang iniwasan ang sunog, dumaan kami sa ospital ng Postal Services Agency at nakarating sa tulay ng Misasa. May maraming nasaktang sundalo na nakaupo sa bawat panig ng tulay at walang madadaan. Marahil sila’y mga sundalo ng 104th Chugoku Unit na nakadestino dito at lahat sila’y dumadaing sa sakit. Tumawid kami sa tulay, maingat na hindi matapakan ang mga nasaktang sundalo, umabot sa riles ng tren at sinundan ito hanggang sa himpilan ng Yokogawa. Pagkatapos ay humiwalay na ako sa kanila at naalala kong sinabi nila sa akin, “Mag-ingat kang pauwi sa inyo.”

● **Muling pagsasama sa aking ina**

Mag-isa akong naglakad patungo sa aming bahay sa Misasa. Kahit madilim na ang buong paligid, bawat panig ng daan ay patuloy na nasusunog. Minsa’y tumakbo kapag may malakas na apoy. Para makauwi, galing sa Yokogawa, dumaan ako sa Misasa, tapos sinundan ko ang isang daang papuntang hilaga hanggang umabot ako sa amin. Kahit nasunog na ang aming bahay, nakita ko ang aking nanay na nakatayo sa daan. Lubos ang aking tuwa noong nakita ko siyang buhay, at niyakap ko siya at sabay kaming naiyak.

Nakaupo ang nanay ko sa harap ng salamin sa pangalawang palapag ng aming bahay noong sumabog ang bomba. Bagama’t ang mga kwarto sa itaas ay bumagsak, ang nanay ay nasa kantong silid kaya hindi ito tuluyang bumagsak. Dahil hindi na mapapakinabangan ang hagdanan, may taong tumulong sa kanya at nakababa siya.

Nanatiling guho ang aming bahay buong umaga, hanggang naabutan ng apoy at tuluyang nasunog pagdating ng hapon. Bago nasunog, nakayanan ng nanay kong ihagis ang futon sa labas ngunit kinuha ito ng mga taong dumaraan upang gamiting pangtakip ng kanilang ulo. May isang uring taguang hinukay sa aming bakuran kung saan tinago naming ang mga mamahaling gamit tulad ng kimono ngunit inabutan din ito ng apoy at tuluyan nasunog. Kumuha ng tubig sa may sapa ang aking nanay para paulit-ulit na patayin ang apoy sa bahay ngunit nasunog din ang lahat. Bagama’t pinayuhan siya ng mga kapitbahay na tumakas patungong Mitaki, ngunit nangamba siya sa akin at sa aking kapatid, kaya habang nasusunog ang aming bahay, tumakas siya doon sa bukid sa tapat ng daan at doo’y naghintay hanggang dumating kaming magkapatid.

Noong gabing yon, nanatili kami sa gitna ng bukid. Maraming taong dumaan sa harapan ng aming bahay magdamag at pabalik-balik ang mga taong nagbigay ng tulong. Nakatingin kang ako sa mga pangyayari, inisip kong ano ang mangyayari sa akin. Sa kalagitnaan ng gabi, may mga tauhang pangriryel na nagbigay ng kanin,

at nang inabut na ako ng antok, nagsimulang sumikat ang araw.

● **Paghahanap sa aking kapatid**

Kahit hindi pa rin natapos ang daloy ng mga tao sa ika-7 ng Agosto, hindi pa rin umuwi ang kapatid kong si Emiko. Nangangamba ang aking ina, habang umiiyak sinasabi niyang "Ano na kaya ang nangyari sa kanya? Baka namatay na siya..." Hindi ko matiis makita ang kalagayan ng aking ina, kaya sa sumunod na araw sa ika-8, sumama ako sa kapitbahay na kaibigan ng aking kapatid upang hanapin siya. Nasaksihan ko muli ang mga eksena ng impyerno.

Ang aking kapatid ay nagtatrabaho sa Hiroshima Central Telephone Bureau sa Shimonakan-cho (ngayo'y Fukuro-machi, Naka-ku). Nakarating ako sa Yokogawa matapos dumaan sa Tokaichi-machi (ngayo'y Tokaichi-machi 1-chome, Naka-ku) at sinundan ang riles ng trambya. Nanatili ang mga kalat sa daan ngunit malawak ang riles ng trambya kaya doon ako lumakad. Ang bayan ay puno ng bangkay kaya nag-ingat ako para wala akong matapakan. Malapit sa Tera-machi (ngayo'y Naka-ku), nakakita ako ng isang bangkay ng kabayo na magang-maga. Sa Tokaichi-machi, mayroong isang taong nakatayong walang kibo, ang katawan niya'y sunog at nakadipa ang mga kamay. Nagtaka ako kung bakit ganoon kaya nilapitan ko at nalaman kong namatay siyang nakatayo. Kung saan-saan, marami akong nakitang taong nilubog nila ang kanilang ulo sa poso, ang kanilang mga bangkay ay patong-patong sa isang tambak. Nag-uumapaw ang gilid ng daan sa mga bangkay at sa gitna nito ay may mga naghihingalo at narinig ko ang mga daing at ang iba'y nagsasabing, "Tubig, tubig." Walang kahit isang nakaligtas na tao. Lahat ng damit nila'y nasunog, pati ang kanilang katawan ay namamaga, mukha silang mga manikang nabalot sa uling. Sa isip ko, kung nahimatay at nakahiga ang aking kapatid dito, hindi ko na siya mahahanap. Iniwasan kong tapakan ang mga bangkay, tinawid ko ang tulay ng Aioi at umabot sa Kamiya-cho (ngayo'y Naka-ku) ngunit hindi na kami nakalayo pa kaya bumalik na kami sa Misasa. Naiisip kong hindi makakaligtas ang aking kapatid sa kalagayang ito.

Sa kabutihang-palad, nakauwi siya pagkaraan ng isang linggo pagkatapos sumabog ang bomba. Kahit malubha siyang nasaktan sa loob ng Telephone Bureau, lumikas siya sa burol ng Hijiyama at dinala sa himpilang pangririlyebo sa Kaitaichi-cho, Aki-gun (ngayo'y Kaita-cho) at nabigyan ng tulong. Nagtigil siya doon ng isang linggo at noong narinig niya na may trak na papuntang Hiroshima upang magbigay tulong, tinanong niya kung maari siyang isama. Sinabihan siyang hindi maaring sumakay sa trak ang taong malubhang nasugatan, ngunit nagpasya na siyang umuwi,

kaya noong nakita niya ang pagkakataon, lumundag siya sa likod ng trak kaya sinama na siya hanggang sa Tokaichi-machi. Punit-punit ang damit ng aking kapatid at duguan at nakasuot ng di pares na sapatos. Kung hindi mo alam ang pangyari, iisipin mo na may sira sa utak ang aking kapatid. Dahil nasunog ang aming bahay, pinatulog siya ng kapitbahay at kaibigan ng aking nanay sa isang kanto ng kanyang bahay. Pagkatapos ay pinahiga siya sa kama kung saan siya nanatiling walang katiyakan ang kanyang buhay.

● **Pag-aalaga sa aking kapatid**

Mga basag na salamin ang nabaon sa likod niya, nahiwa ang bahagi ng kanyang braso katulad sa isang prutas ng granada. Araw-araw, inaalis ko ang mga basag na salamin ngunit may mga uod ng langaw na nagsimulang gumapang sa may sugat. Ang anak na babae ng aming kapitbahay ay namatay dahil sa pagsabog ng bomba, kaya't nag-aalala kaming naabala namin siya kaya't bumalik na kami sa aming nasunog na bahay. Dumating ang kuya ko at namulot ng sunog na kahoy upang magtayo ng silungan nang hindi kami maulanan at doon namin tinuloy ang paggamot sa aking kapatid. Dahil hindi na siya makabangon, hindi namin siya madala sa himpilang pangririlyebo, may nagbigay ng gamot ngunit hindi ito sapat para gamutin siya. Nawagas ang kanyang buhok at sumuka ng dugo, sa isipan nami'y malapit na siyang pumanaw. Araw-araw, pumunta ang aking ina sa burol upang pumitas mga dahon ng dokudami (isang damong-gamot ng Hapon), pinakuluan habang sariwa at pinainom sa aming magkapatid. Matapang ang amoy nito ngunit naniwala ang aming ina na ito'y pamatay-bisa. Sa palagay ko, may lunas na idinulot ang damong-gamot dahil pagkaraan ng tatlong buwan na nakahiga, nagsimula nanumbalik ang dating lakas ng katawan niya at nakabalik din siya sa trabaho. Nagsuot siya ng bandana para takpan ang kanyang ulo hanggang sa tumubo ulit ang kanyang buhok. Ang mga peklat sa sugat ay nanatili kaya't hanggang ngayon hindi siya nagsusuot ng damit na walang manggas, at ang kanyang braso ay nanatiling yupi.

● **Buhay pagkatapos ng digmaan**

Nalaman ko sa ibang tao ang tungkol sa katapusan ng digmaan. Kahit narinig kong tapos na ang digmaan, hindi ko pa rin lubusang maunawaan. Noong bata pa ako, itinuro sa amin na ang bansang Hapon ay hinding-hindi matatalo at pinaniwalaan ko ito. Noong nagtrabaho ako sa himpilan, ang mga kuwento ay tungkol sa tagumpay, walang pagkatalo. Ngunit noong narinig ko na pinasabog din ang

A-bomb sa Nagasaki, inisip kong pinakamabuti na matapos ang digmaan upang wala nang bombang tulad nito ang pasasabugin.

Dahil hindi na makikinabangan ang gusali sa Kami-nagarekawa-cho, nilipat ang himpilan sa Toyo Industries Co. sa Fuchu-cho, Aki-gun. Dahil kailangan kong alagaan ang aking kapatid at dahil may kalayuan ang Toyo Industries, at may balitang baka ang namamahalang mga Amerikano ay mang-aapi sa mga kababaihan, nagbitiw ako sa trabaho. Pagkatapos ay nakapagtrabaho ako nang isang taon sa isang kumpanyang malapit sa amin, at lumipat sa isa pang kumpanyang kung saan ako pinakilala ng dating guro bago ako nagpakasal.

Kahit naglakad-lakad ako sa Hiroshima nung ika-6 at ika-8 ng Agosto, wala akong dinanas na malubhang sakit mula sa pagsabog ng A-bomb. Bagama't sinabihan ako na maaring makaranas ng ganitong sakit anumang oras, hindi ko inisip ang magkasakit. Kung sakaling magkasakit ako, doon ko na iisipin. Ang lalong mahalaga ay kung ano ang gagawin ko sa kinabukasan.

● **Pagnanasa sa kapayapaan**

Hanggang ngayon ay ayaw kong pag-usapan ang tungkol sa pagsabog ng A-bomb. Bagama't nagbibigay pugay ako sa monumentong itinayo para sa mga biktima ng A-bomb taon-taon, hindi na ako bumalik sa Shukkeien Garden kung saan ako tumakas noong ika-6 ng Agosto. Maganda ang Shukkeien Garden ngunit kapag nakita ko ang arkong tulay na tumatawid sa lawa, maaalala ko ang labis na pagkasuklam sa araw na iyon, kaya hindi ko kayang pumunta doon. Kung maalala ko ito, iiyak lang ako at mananatili ang mga salita sa aking lalamunan.

Marami sa mga biktima ng A-bomb ay pumanaw na, kaya't kakaunti nalang ang maaring magkwento tungkol dito. Bagama't ako ay tumatanda na, gusto kong ikuwento ang mga eksena ng impyerno na naaalala ko, at buong ipamahagi ang aking karanasan sa mga kabataan upang hindi na kailanmang gamitin ang mga sandatang nukleyar. Ang aking apo sa mababang paaralan ay mausisa ukol sa digmaan at kapayapaan at tinanong ako "Lola, naranasan mo ba ang A-bomb?" Hinahangad kong sana'y makalikha tayo ng isang mundong walang makakaranas muli ng kahirapan.

Pamagat	Proyekto para suportahan ang mga kasulatan sa “Koleksiyon ng mga karanasan kaugnay sa pagbomba ng Atomic Bomb”
Ayos o bilang ng paglalathala	Ikalawang edisyon
Petsa ng pagpapalabas	Marso 31, 2013
Pamatnugot	Hiroshima Peace Culture Foundation
Paglathala	Ministry of Health, Labor and Welfare 1-2-2 Kasumigaseki, Chiyoda-ku, Tokyo +81 (0)3-5253-1111
